

Bandilang Itim
Magkaugnay ang ating Pakikibaka
Towards Anarchy in the Archipelago
Para sa pagpapalawig ng kaisipan ng kalayaan



Errico Malatesta
Dalawang Magbubukid
Mahalagang Salitaan Ukol sa Pagsasamahan ng mga Tao
1913


Transcribed from scanned reference from Miguel de Benavides Library
and Archives from the University of Santo Tomas.
Tinagalog ni "KABISANG TALES." May Paunang Salita ni
"TAMBULI." Unang Pagkalimbag. Maynila: Limbagang Tagumpay.
Na-transcribe ni Simoun Magsalin.

bandilangitim.xyz

Dalawang Magbubukid

Mahalagang Salitaan Ukol sa Pagsasamahan ng mga
Tao

Errico Malatesta



1913

Talaan ng mga nilalaman

Preface by <i>Bandilang Itim</i>	3
Alangalang sa Isang Aklat...	4
Sa Mangbabasa	7
Dalawang Magbubukid	8
I	8
II	47

Preface by *Bandilang Itim*

Dalawang Magbubukid is a Tagalog translation of Errico Malatesta's classic pamphlet, *Fra Contadini* or as it is known in English, *Between Peasants*. *Fra Contadini* is a dialogue between two farmers on anarchism and anarcho-communism.

A Spanish translation of *Fra Contadini* translated as *Entre Campesinos* was brought to the Philippines by Isabelo de los Reyes, often known as the first Filipino socialist. de los Reyes used the principles of *Entre Campesinos* and another book about Marx to set up the Union Obrera Democratica (UOD) in 1902. The UOD is known as the very first Filipino labor federation.

The Spanish copy of *Fra Contadini*, known as *Entre Campesinos* was translated by Arturo Soriano to Tagalog, translating under the pseudonym "Kabisang Tales" (Kabisang Tales was a character from Jose Rizal's widely popular second novel *El Filibusterismo*). The translated title *Dalawang Magbubukid* literally means "Two Rural Folk." *Dalawang Magbubukid* was published by Limbagang Tagumpay in 1913.

Dalawang Magbubukid is the first (and quite possibly the only) book on anarchism in Tagalog from the American colonial period. The copy of *Dalawang Magbubukid* attached herein was scanned from the University of Santo Tomas Miguel de Benavides Library.

Alangalang sa Isang Aklat...

Sa nasà n̄g isang piling kaibigan at kaadhikâ, na nagpapamagát na “Kabisang Tales,” nagmulâ ang pag-sulat kong ito. Humigit kumulang na sa labingdalawang oras ang nakararaán, sapúl nang ilagay niya sa aking m̄ga *makasalanang kamay* ang may m̄ga 88 mukhâng limbag na n̄g saling ito n̄g sinulat n̄g anarkistang si Malatesta.

Tutupad ako, bagá ma’t gahol na sa panahon, sa kahilingan n̄g kasama, na ako’y sumulat n̄g *páunang salita*, hingil sa aklat na itong kaniyang inihulog sa sariling wikâ, na palalabasín sa *Unang Araw n̄g Mayong* hina-harap, ayon sa pahiwatig sa akin.

Sa aking pagkaanák-dálitâ, na inianák n̄gâ sa kahirapan; nabuhay sa paghihikahós, at nabubuhay sa isang mahigpít na pakikibaka sa kabuhayan, ay walá akong panununtunan búhay na ito, maliban sa m̄ga katotohanan, masaklap ó matimyas man, na nakikita n̄g aking m̄ga matá at nadadamá n̄g aking m̄ga kamay. n̄guni’t sa nangyayaring ito sa aking pagsulat, wari’y nabibihag yaring loob na manampalataya, n̄g walâng pasubulí, diyan sa isang salawíkaing karaniwan dito atin: “ang pagkakataón daw ay daíg pa ang nagtipan.”

Aywan ko ba, sa m̄ga sandalíng ito, kung anóanóng bagay ang aking maiuulat tungkol sa pagkakasalin sa tagalog ni “Kabiseng Tales,” sa aklat ni Malatesta. n̄guni’t, n̄gayon pa ma’y maipagpapauná ko na, bagá ma’t sa m̄ga sandalí n̄g pagsulat ko nito’y dí pa nalulutas ang pagkaka-palimbag, na, ang paglalas niya’y isang mainam na pagkakataón na m̄ga kasalukuyang araw. Ang pagbubukás n̄g Kaunaunahang kapulungán n̄g m̄ga Manggagawà dito sa atin at ang paglabás nito’y masasabing *daíg pa n̄gâ ang nagtipán*, Anaki n̄gâ’y parang pinagdaop na bao ang nangyaring pagkakataón. Sa Kapulungáng idaraos natin, ay paguusapan at pasisiyahán ang maraming bagay hingil sa búhay, kabuhayan at kapalaran n̄g Bayan Manggagawà; samantalang sa aklat na ito’y ipinakikilala na, sa lalóng mabababaw at maliliwanag na pangungusap, ang madlâng ad-hikaín, súliranin, pátakaran, palatuntunan at iba pang m̄ga kaparaanáng dapat sundin n̄g isang manggagawà sa kaniyang ikatutubos.

iyang, at sakâ magpalaganap ng mga banal na katotohanan. At kung sa kabilâ nitô'y mapanganlan din akong *tulisan* at *salarin* ng mga ginoo, ay tutugunin ko sila na *pumarito munang gumawa at magtiis na gaya ko, bago magkaroon ng mga karapatan sa pananalita.*

WAKAS

May dalawang bahagi ang aklat na ito: ang isa'y kapupulhan ng sino mang anak-pawis ng madlang pagkukurò at pangangatuwiran hingil sa inuusig na karapatan ng mga dukha sa harap ng makapangyarihang Puhunan at Pámahalaan; at ang isa nama'y katutuhan natin ng iba't ibang uri at kapakanan ng mga kapisanang manggagawa, na ngayo'y natatag sa iba't ibang bayan ng Sangsinukob.

Hindi parang pagpaparanga. Akong ito, na, paano't paano ma'y namuhunan ng puyat at tiyaga sa pagaaral ng mga suliraning manggagawa, ay may karapatang magsabi sa inyo, na, ang aklat na ito'y hindi dapat mawalâ sa sino mang manggagawa, sapagka't dito natin matatagpuan ang madlang katuwirang dapat gamitin sa pakikitungali sa mga kalaban. Dito nga'y malalaman natin, kung ano ang kahulugan at tinutungo niyang madalas nating marinig na, *komunismo, sosyalismo, kolektibismo, anarkismo* at iba pa, na paraparang mabisâ't maiinam na sandata ng manggagawa sa pakikibaka sa mga *makapangyarihan...*

Ang tagumpay ay laan lamang sa mga nakikipagbaka. Subalit, sa ano mang pakikibaka'y nanganga ilangang gumamit ng sadiyang paraan o kasangkapan, upang tayo'y magtagumpay. At isa na riyang, ang lalong mabisâ, ay ang paginom sa mga maliliwanag na katotohanang itinuturo ng mga aklat na katulad nito.

¿Ano ang kahulugan ng pakikibaka nating mga manggagawa? Dili iba, kundî ang pakikibaka sa madlang kurò't palatuntunan na ngayo'y pinairal ng mga *Pinagpala* ng Panahong umiinis at nangangamkam ng karapatan natin sa buhay at mga biyayang likas, na dapat nating lasapin. Kung iyang nga'y totoó, ay kinailangang magpakatibay tayo sa tayo sa pamamagitan ng pagaaral ng mga katuwirang dapat kalasagin sa pakikitungali, mga katuwirang makakamtan natin sa aklat na itong isinatagalog ng matalino't mapagtapat na kasama.

Tayo ang bisig na gumawa at gumagawa ng lahat na pinakikinabangan ngayon ng Sangkatauhan; tayo ang nagpapagalaw sa ikabubuhay ng bawat bayan; tayo ang marami, at, sa dahilang ito'y nasa sa atin ang lakas. Ito'y tinatanggap ng lahat. Nguni't ¿bakit kayâ ang Puhuna'y siyang namamayani't madalas pang *makapangyari* sa atin? Ang Puhuna'y hindi malakas dahil sa kaniyang *pagkapuhunan*, kundî, dahil sa *kahinaan* ng Manggagawa; kahinaang nagbubuhay sa pagkakatiwalagan natin, na ang sanhi nama'y ang kakulangan ng tumpak na mga kaparaan, na hindi maaring iwasan sa pakikilaban.

Ang aklat na ito'y siyang nagbibigay sa mġa dukhà nġ kasangkapan sa pakikibaka. ¡Huwag kayong magalinlanġan!

Kayà't ako'y umaasa na, ang bawà't manggawà'y *magsasakbal ng sandatang ito* na magagamit natin nġayon, salamat sa walġng maliw na katiyagaán at pagsusumikap nġ isa nating kapatid, na may likás at marubod na pananalig sa ikatutubos, málao't mádalí, nġ Bayang Marálità.

TAMBULI.
Tondo, Abril 25, 1913.

ang bawà't isa'y malayàng makaáanib kung saán niya lalòng minamagaling, upang mapagaralan ang mġa lunas ó paraáng mahuhusay at maipalaganap ang mġa sarisariling kurò, samantalang ang mġa kuròng ito'y hindí makakasalungát nġ palatuntunang-panglahat nġ pangkatia. Hindí na maipalalagay na kaanib sa pangkatin ang sino mang lumabag dito.

Hosé.—¡Ang lahat bang sumasa nġayon sa simulàin nġ mġa *socialista-anárquico revolucionario* ay pawàng kaanib na sa pangkating iyan?

Horhe.—Hindi, pò; sapagka't maári na ang isang tao'y mákasangayon nġ aming palatuntunan, dátapuwà't susog sa isang pangangatuwiran ay maaari rin namang mainamin niya ang makibaka nġ magisa ó maging kabalangay nġ ílan, at huwág makipagkaisa ó makisama sa lakad nġ mġa manggagawang sumusunod sa naturang palatuntunan. Maáaring ito'y maging mabuting saligang nġ ibang mġa ka palad at nġ ibang may tumpahin, alinsunod sa palagay nġ isa; nġuni't hindí matatanggap na parang isang saligáng mabuti pará sa lahat, sapagka't ang pamumukura'y nagiging sanhí nġ kahinàan at nagbubunġa nġ mġa pagiinisan at pagyayabangán, samantalang kinakailanġan ang tunay na pagkakapatiran at buòng pagkakasundò nġ lahat.

Gayon ma'y ipinalalagay din naming mġa kaibigan at tunay na mġa kasama yaóng mġa taong nakikitunggalí, kahì't sa anóng pamamaraán, alangalang sa kadakilàan nġ layon, na siya rin naming ipinakikipagbaka.

Maáaring magkaroon diyan nġ mġa taong sumasangayon sa katotohanan nġ linalayon, at, gayón ma'y nangagtutulóg lamang sa kanilang mġa bahay, at dí man mabalising magpalaganap nġ mġa inaakalà nilang tumpak. Hindí mawiwikà sa mġa ito na sila'y hindí sosyalista at anarkista sa layon, sapagka't sila'y may mġa paghahakà na gaya rin nġ amin; subali't totoó rin naman na masisindakin at mahihinà ang loob nġ mġa taong ito; sapagka't kapag nakikita rin lamang nġ isa ang dahil nġ mġa kasamán na nagpapatangis sa kaniya at sa mġa kapuwà, at nalalaman niya ang lunas na makagagamot sa kasámang yaón, kung may kauntí rin lamang pusò'y ¡anó't makapagtitiís sa dí pagkilos?

Ang hindí nakatatarok nġ katotohanan ay walġng kasalanan; dátapuwà't ang napakámakasalanan ay yaóng nakatatalos at sakà nagaasal mangmang.

Hosé.—May katuwiran ka, at nġayon ko lamang na paginilaynilay nġ kauntí ang mġa ipinaliwanag mo sa akin, at nġayong sangayon na akong mahinusay sa súliranin, ay ninanais kong umanib sa pangkating

sa pagkakapatiran n̄g lahat n̄g tao, at ito'y nahuhulog sa ganitong ayos: *pagkakaisa n̄g ugali at ganap na kasarínlan.*

Hosé.—Magaling. Sa makatuwid, ikaw ay *sosialista*, at sa m̄ga sosialista, ikaw ay *komunista* at *anarkista*. ¿Bakit tinatawag ka pa nilang *internasionalista*?

Horhe.—Ang m̄ga kapisanan pò n̄g m̄ga manggagawà'y pinamagatáng m̄ga *internasionalista*, sa dahiláng ang kaunaunahan at dakiláng pagpapahayag n̄g sumisilang na sosialismo ay tinawag na *Asociación Internacional de los Trabajadores*, at upanding maibigkas n̄g sa maiksing pangungusap ay n̄ginalanan n̄g *La Internacional*.

Ang kapisanang ito'y sumilang noóng 1864, alangalang sa matindíng nasàng mapagkaisá ang m̄ga manggagawà sa lahat n̄g bansá ukol sa ikatiwasay nã marálitã nilang pamumuhay. Sa pasimulã n̄g kapisanang ito'y waláng takdá ang kaniyang palatuntunan. Dátapuwã't n̄g magkatakdá na'y sakã nagkaroón n̄g m̄ga bahábahagí ó m̄ga sangásangá, at hangang sa makapagtakdá tulóy n̄g anarkismo ang bahaging nangunguna sa kanila, na siya ko sanang ibig ipaliwanag sa inyo.

Ang kapisanang yaó'y hindi nabubuhay ngayon, dahil sa m̄ga imbing paratang at m̄ga paguusig na inasal sa kaniya, dahil sa m̄ga pagbabahabahaging marawal at dí pagkakaisá n̄g m̄ga kurò. Sa kapisanang ito sumupling ang dakiláng kilusán n̄g m̄ga manggagawà na nagpapayanig ngayon sa buóng mundó, gayón din ang m̄ga pangkating sosialista sa ibã't ibang bayan, at gayón din ang *partido internacional socialista-anárquico revolucionario* na ngayó'y itinatatag, upang magbigay n̄g isang mariing hampás sa m̄ga burgés.

Ang pangkating ito'y sa pamamagitan ng lahat na paraán, may layuning magpalaganap n̄g sosialismo n̄g m̄ga anarkista; bakahin ang alin mang pagasa sa m̄ga loóbloób n̄g m̄ga panginoón ó n̄g pámahalaán at sa m̄ga pagbabagong palakad na pabaytángbaytáng ó sa payapã; imulat sa bayan ang m̄ga katutubò niyang matuwid at ang diwã sa panghihimsik, at isulong at tulungán sila upanding makaganap n̄g isang himagsikang-panglahat, ó kayã ibagsak iyang kapangyarihan n̄g ílan sa pamamayan ó n̄g pámahalaán, at ibigay sa kalahatán ang lahat n̄g m̄ga kayamanan.

Bumubuò n̄g pangkating ito ang lahat n̄g sumasangayon sa kaniyang palatuntunan at ibig makianib sa pakikibaka upang maisagawã ang pakay. Sapagka't ang pangkati'y waláng m̄ga punòpunò ni anó mang makapangyarihan, at sapagka't ang pangkati'y natatag sa kaibigán at buóng pagkukusã n̄g m̄ga nagsisianib, dahil sa naturang m̄ga layunin,

Sa Mangbabasa

Ang pagkakasalin sa tagalog n̄g *maliit na aklat* ni Malatestang ito ay nagsimulã sa nasiràng “Timbulan” noóng 1910. Noóng ito'y lumalabas pa, napalathalã ang m̄ga unang lámán n̄g unang bahagi n̄g aklat. Nang m̄ga araw pang yaó'y marami na ang humihiling sa aking m̄ga kapalad na ang “DALAWANG MAGBUBUKID” na ito'y aking ipalimbag, n̄guni't janóng magagawã n̄g isang manggagawà!... Ako'y waláng mápuhunan sa pagpapalimbag. Dátapuwã't ang ilan kong m̄ga kasama, m̄ga karamaydamay sa paghahanap-buhay, ay malugod na nagtipontipon n̄g mapupuhunan, at siyang ikinabunsod.... ¡Kapag nagkakaisa n̄gã nama'y nagagawã ang lahat!

Kung anó't naisipan kong tagalugin ang aklat na ito, ay tila mainam na sumagot ang m̄ga pangyayari kay sa akin. At bahalã nang magpasiyá ang m̄ga paghahakã n̄g iba, tangi sa pagkukurò n̄g may *páunang salita*. Hindi ko maitatatuwã na ang aklat na iyan ay siyang nagbuyó sa aking magaral nã pagsasalin sa sariling wikã. Dahil dito'y inaasahan ko sa mangbabasa na hindi hahanapin sa akin ang isang bagay na mahahanap sa isang bihasá na. At gayon din naman ang maántay ko tungkol sa m̄ga kamalián n̄g palimbagan na waláng salang katitisan, sa halimbawã, gaya n̄g salitang “kawaní” ay nágawáng “kawaní.”

Kung nápataón, kapalad, ang paglabás n̄g “DALAWANG MAGBUBUKID” sa pagbubukás n̄g Unang Kapulungán n̄g m̄ga Manggagawáng Pilipino at sa Unang Araw n̄g Mayo, ay hindi mapagtatakhán, sapagka't sa m̄ga araw na iyan nais ko n̄gãng maihandog ang pagkaing ito, sa ibig kumain, at ito'y alay namin sa iyo.

ANG TUMAGALOG.
Sampalok, Abril 26, 1913.

Dalawang Magbubukid

I

Hosé.—¡Abá! ¡Náririto ka palá?! Ikinatutuwâ ko itong pagkikita natin ngayon, palibhasâ'y matagaltagal na ring kita'y napipitang mákapanayám. Horhe! Horhe! ¡Ako'y pinagdaramdam mong labis! Noóng ikaw'y nasa sa bayan, ikaw ang pinakamabait na batà, at ikaw ang pinakaulirán ng iyong mga kapanahón. ¡Ah, kung nabubuhay sa na ang iyong amá!

Horhe.—¡Mang Hosé! ¿bakit pò namán ganyan ang inyong salitâ sa akin? ¿Anó kayâ ang nágawâ kong masamá, na dí ninyo naiibigan? ¿Ano't dí masisiyahán sa akin ang amá ko, kung siya may nabubuhay pa?

Hosé.—Huwág mo sanang ipagdamdám ang aking mga pangungusap, Horhe; ako'y matandâ na, kung akó ma'y nakapagsalitâ sa iyo, ay dahil din sa iyong kagalingán. Tangî sa rito, ako'y naging matalik na kaibigan ni matandâng Andrea, ng iyong amá, kayâ't sa pagkamasid ko na ikaw'y náligaw sa kasawián, ay para kang anák na tunay na isinasakit niring kalooban, at lalò pa mandin kung aking mágunitâ ó madilidili ang pagasang sa iyo'y nápalagak, at sakâ ang mga pagsusumakit niyang pinagtamanán, upang makámana ka lamang ng isang malinis na pangálan.

Horhe.—Nguni't ¿ano ang ibig ninyong sabihin, mang Hosé? ¿sa makatuwid pò ba'y hindi akó isang manggagawàng marangal? Kailan ma'y dí pa akó nakakagawâ ng masamá kahi't kanino; kayâ't inyong patawarin kung masabi ko, na ang lagi kong mga nagagawâ'y ang lahat ng aking inaakalang makabubuti sa aking mga kapalad; kung gayo'y ¿ano ang ikahihiyâ sa akin ni Amá? Ginagawâ ko ang lahat na mga kaparaanáng aking ikapapanuto at ikatitiwasay, dinuduláng ko, kasama ng aking mga kaadhikâ, ang ikalulunas ng mga sakít ó kasamán na nagpapatangis sa akin, sa inyo at sa lahat. Kayâ, ¿anó pa ang dahil, at akó'y naging sanhi ng inyong mga pagpuná?

sa pananangol, at kung ang pananalitâ'y hindi sukat, sa makatuwid, ang mga pamimíit na ang kailangán.

Huwag ninyong malilimutan na saán mang dako, ang mga tao'y lagi may karapatán sa mga pangulong bagay at sa mga kasangkapan sa paggawâ; kayâ't maáari silang mamukuran at mamuhay ng layâ at walang nakasasakóp na sino pa man, Tunay na ito'y isang paraán ó kapasayaháng makalulunas, sapagka't ang mga lumalabag ay malilingid sa mga natatamóng pakinabang sa pagsasamahán, na dí magagawâ ng pulutóng ó taong namumukuran na tumatangí sa tulong at damay ng kalahatán... Nguni't ¿páano ang inyong ibig? sa ang tunay mang nanglalabáng iya'y hindi makapangatuwiran na ang kalooban ng marami'y mapailalim sa kakauntí.

Maniwalâ kayó, na sa labás ng pagkakaisá, ng pag-iibigan, ng ganap na pagdaramayán at ng mga kailangang pagpapaumanhin, ay walang maáantay, kundi mga pagsisiilan at digmâang bayan; dátapuwâ't umasa kayó, na sapagka't ang pagsisiilan at digmâang-baya'y nakasamâ sa lahat at lahat na, walang natatangî, sa bahagiya pa lamang ang mga tao'y makapaghahari sa kanilang kapalaran, ay magigiliw na walang sala sa pagkakaisá, at dahil dito'y magaganap ang mga banal nating mithiin, na magbubunga ng kapayapaán, kaginhawahan at pagkasulong ng sanglibután.

Italâ rin naman ninyó sa isip na ang pagkasulong, samantala ang pagkakaisá ng mga tao'y patuloy sa matulin nilang mga hakbangin, ay gayón din namang lalò ang kanilang pagiging malayâ at pagkamaykaya sa sarisarili nila. Ipalagay natin. Upang makapaglakbay ka ngayon ng mahabâhabâ at madaling madali sa katihan, ay kinakailangán ang sumakay ka sa tren. Ang tren, upang mayari, maitatag at magamit ng mga tao'y kailangán din namang lubhâ ang tulong ng marami, at kasakdala'y nasa loob na ng *amarquia* ay tatanggapin din ang mga tuntuning mabubuti na mahahalaw, gaya ng pagtingkalâ sa mga orasán at ibá pang dapat gampanín. Dátapuwâ't kung nay makálikhâ búkas ng isang lokomotora, na sukat ang isang tao upang makapagpalakad na magisá saan mang lupalop ng naturang lokomotora, at dí naman makapanganganib sa kaniya at sa kanino pa man, walang salang gagamit ka na nitó; hindi mo na kakailanganín ang lakas ng iba pa, at ikaw'y malayang makapaglalakbay anó mang oras saan man ibigin.

At ganyan din ang ibá pang mga bagay na mababangit natin ngayon, maging sa haharapin. Masasabi na ang hingil ng pagkasulong ay umaabót

At sa ganitong paraán, magaganap ang maligayang pagkakaisá n̄g buòng katauhan.

Hosé.—N̄guni't kung sa isang bayan ó sa isang kapisanan ay magkaroon n̄g ibá't ibang pagkukurò ang m̄ga tao ay ¿pâano kayâ ang mangyayari? ¿Dí ba magwawagi ang pinakamarami?

Horhe.—Sa katuwiran pò'y hindi, sapagka't sa harap n̄g katotohanan at n̄g katarunġan ay walang halagá ang bilang, at kung minsan, ang isa'y may lubos na matuwid kay sa sangdaang libo katao. Sa m̄ga pangyayari ay maáayos ang lahat; gagamitin ang lahat n̄g kaparaanán upang maganap ang pagkakaisá, hanga't maáari, ó kayâ, ang pagpapasiyá sa ganitong bagay ay manggagaling sa hatol n̄g pangatlong taong walang kinikilingan, sa ilalim n̄g dí mapupuwing na simulang pagpapantaypantay at n̄g katarunġan, na siyang pinakapatakaran n̄g bagong pagsasamahán n̄g m̄ga tao.

Tantufin ninyó na ang m̄ga nabangit na bagay na dí mapagpapasiyahán, maliban sa hatol n̄g pangatlong taong walang kinikilingan ay totoong madalang, kung mangyayari man, ó walang tantong kabuluhán, sapagka't hindi na mamamalagi iyang m̄ga kanikaniyahang m̄ga pagaaring umiral ngayon, sapagka't bawá't isa'y malayang makapipili n̄g bayan at kapisanang naiibigan ó kayâ, n̄g m̄ga kasamang lalò niyang kapanalig, at sapagka't, kailan man, pagsisikap ang makapagpasiyá n̄g m̄ga bagay na maliliwanag, alalaon bagá'y yaong madaling mawatasan at nasa laranġan n̄g tunay na m̄ga pangyayari, at labás sa laranġan n̄g m̄ga pabagobagong pagkukurò. At samantalang sumusulong ang katauhan, ay lalong mawawalan n̄g saysay ang boto, malulumâ at makasusuyâ pa, sa dahilang kapag nakita, alangalang sa masusing pagsasanay, sa isang suliranin, ang kapasiyahang makasasapat sa m̄ga pangangailanġan n̄g lahat, sa makatwid, ay walâ nang kakailanġanin kundí ang magpaliwanag at sumangayon na lamang, at dí na íral ang paggapì pa n̄g marami sa pagkukurong nalalaban.

Hosé.—Dátapuwâ, kung sa kabilâ n̄g lahat n̄g iyan, dahil sa kapanġahasan n̄g isa'y mayroon pang mangagsilabag sa isang pinagtibay, alangalang sa kagalingan n̄g lahat?

Horhe.—Sa makatuwid pò'y maliwanag nang kailanġan ang gumamit n̄g lakas, sapagka't kung hindi matuwid na ang marami'y lumapastanġan sa ílan, ang ílan ma'y gayón din sa marami; at sapagka't ang íla'y may karapatán sa paglalaban ó paglabag, ang marami nama'y mayroon din

Hosé.—¡Ahahá! diyan kitá naiibigan. Natatantô kong labis na ikaw'y gumagawâ, na ikaw'y tumutulong sa iyong kapuwâ, na ikaw'y isang batang kapuripuri; ganyan din ang sabihan n̄g lahat sa kabayanan. N̄guni't sa kabilâ nitó, ang totoó'y kung makáilan ka na namang mápabilanggò; sinasabing lagi ka na lamang minamatyagán n̄g m̄ga pulés, at sukat nang makitang kapanabáy mo sa paglakad ang isang tao, upang ito'y maligalig...; marahil, ako ma'y nangangañib din sa m̄ga sandaling itó..., n̄guni't alangalang sa kitá'y ginigiliw, ay walang kailanġang tayo'y magpanayám. Kaya, Horhe, pakingan mo sana ang payo n̄g isang matandâ; bayán mong mamulitika ang maa ginoó na walang mangagawâ, at ang isipin mo'y ang gumawâ n̄g ikapapagalíng. Sa ganitong paraá'y mabubuhay ka n̄g tahimik at sa awâ pa n̄g Diyos; kung hindi gayo'y mapapanġanyayâ patí n̄g iyong katawa't kaluluwâ. Tandaán mo sana ang m̄ga sinasabi ko sa iyo: na iyong lisanin ang m̄ga masasamâ mong kasama, pagka't dati nang alam na ang m̄ga itó'y siyang nakapagpaparool sa m̄ga binatâ.

Horhe.—Dapat ninyong mantantô na ang m̄ga kasama ko'y pawang mabubuting tao; ang m̄ga isinusubong kanin nila'y kasinghalagá n̄g m̄ga luhâ't pawis. ¿Bayang silá'y pakaalipustain n̄g m̄ga ginoong panginoon na walang pinapanġarap kundí ang sipsipin patí n̄g káhulihulihang paták n̄g ating dugò, at pagkatapos ay tawagin tayong m̄ga tulisan, kapag tayo'y nakátutol, at mabubuting tao parâ ipabilanggò, kapag tayo'y nagsikap n̄g kaunti sa ikaginhawa at ikaliligtas sa kanilang pangaalipin? Ang aking m̄ga kasama at ako'y nangabilanggò n̄gâ, at siyang totoó; n̄guni't kami'y nangabilanggò, dahil sa kadakilâan n̄g aming layon. Maaring kami'y mangápabilanggong mulí, at marahil, lalò pang mapangañib sa dati; n̄guni't dahil din sa ikagagalíng n̄g lahat, dahil din sa ikawawasak n̄g kabuktutan at n̄g masahol na kaimbihán. At kayó, na nakapagpatulò na n̄g pawis sa tanang búhay at nakaranas na rin n̄g gútom, kapag kayó'y hindi na makagawâ ó huminâ na sa katandaán, marahil, walâ kayong kapapatunġuhan, kundí ang mamatáy sa isang ampunang bahay. Hindi kayó nárarapat makipagútutang dilâ sa m̄ga ginoó, ni sa pámahalaán, upang kabakahin ang m̄ga nagsisikap sa ikatutubós n̄g m̄ga maralitâ.

Hosé.—Anák ko, tunay n̄gâ't nababatid ko rin na ang mundó'y patungo sa pagsamâ, at pasamâ n̄g pasamâ; dátapuwâ't nasang ito'y maayos, ay kaparis din n̄g tuwirin ang lahat n̄g m̄ga baluktot. Mabuti pa'y hayán na siyang ganyan at manalanġin na lamang sa Diyos, nang hindi tayo nagdadahop. Talagang kapagkaraka'y mayroong mayayaman

at mahihirap, at tayong ipinanġanak sa paggawâ, ay nararapat gumawâ at magkasiya na lamang sa biyayàng ipinagkakaloob sa atin nġ Diyos; kung hindî gayón ang ating gágawín ay papanawan tayo nġ kapayapaán at dangál.

Horhe.—¡Ang dangál na naman! Pagkatapos na tayo'y maagawan nġ mġa ginoó; pagkatapos na tayo'y mapilit pagawín na parang mġa hayop upang makakita lamang nġ isáng subòng kanin, samantaláng sila'y nabubuhay nġ walâng anó mang kagawágawâ, sa gitna nġ kayamanan at pagsasayâ, dahil sa ating mġa pinadadaloy na pawis, ay sakâ pa nilâ nawiwikâ, na parâ tayo maging maranġal na tao, ay kinakailanġan, dî umanó, na tayo'y mátutong magbatâ sa ating kalagayan, sila'y pakapasaning walâng maliw, gaya nġ pagpapatabâ nila sa ating mġa likurán na walâ tayong kadaíngdaíng. At kung ating madilidili na tayo ma'y mġa tao rin, na kung sino ang gumawâ ó naglutò'y siyang nararapat kumain, tayo'y tinatawag ó pinanġanġanláng mġa salarín, dinadalâ tayo nġ mġa *guardia civil* sa bilanġuan, at ipinahahatid tayo nġ mġa kura sa impiyerno.

Kayó, mang José, na isang manggagawâng kailan ma'y hindî nakasipsip nġ dugò nġ inyong mġa kapuwâ, ay mangyaring makinig sa akin. Ang tunay na mġa salarín, mġa taong walâng dangál, ay yaóng mġa taong nabubuhay sa paghahariharian, yaóng mġa taong umaangkin sa lahat nġ bagay na nalalaganapan nġ sikat nġ araw, at sa pamamagitan nġ paniniil, ang baya'y naitulad sa isang kawan nġ mġa hayop na mapayapang naapitan nġ balahibo at napápatáy. ¿At nġayo'y makikipiling kayó sa mġa ginoóng iyan upang kami'y kabakahin? ¿Hindî pa kayâ sukat na sila'y kampihán nġ Pámahalaán—sapagka't itó'y ginawâ nġ mġa ginoó at parâ sa mġa ginoó rin, kayâ't dî maári na dî sila kampihán nġ Pámahalaán—kundî ang mangyari'y patí pa nġ tunay naming mġa kapatid, mġa kamanggagawâ, mġa kamarálitâ, ay amin pang manġákabaka, dahil sa pagaadhikâ naming lumayâ at tumiwasay ang pamumuhay nġ lahat?

¡Ah! kung ang karukhaán, kung ang malabis na kamangmanġán, kung ang kaugaliang minana sa tinalikdáng panahón nġ pangaalipin, ay dî makapagpapaliwanag nitong kasakitsakit na kabuhayan, ay maituturing na ang walâng dangál ni puri'y yaóng mġa dukhâ na ginagawâng san-data nġ mġa mangaalipin sa sangkatauhan, at dî kaming isinasapanġanib niyang karirít na tinapay at nġ mithî sa paglayâ, upang matuklasán ang ikaginhawa nġ lahat.

Gayon din ang masasabi tungkol sa pahatirang sulat, pahatirangkawad, sa paglalayag, paaralang bayan, mġa ampunang bahay, na pawàng nagaganap sa pamamagitan nġ ibá't ibang hanap-buhay, gaya nġ mġa kawani, telegrapista, mangdaragat, gurò, médiko, na pawàng itinataguyod nġ pámahalaán upang pagpasanin, paggugulin at masipsipán nġ mġa dugo.

Ang pulitika, gaya nġ pagkatalog at ginaganap nġ mġa tao nġ pámahalaán, sa ati'y totoóng napakahirap, sapagka't walâ nang pinagpupunyagián kundî ang mġa bagay na napakaangháng parâ sa mġa manggagawâ, at sapagka't walâ nang kapakúpakundanghan sa tunay na kabuhayan nġ bayan, maliban sa tayo'y dayain at pakasupilin. Dátapuwâ't kung ang paguusapa'y ukol sa ikalulunas nġ mġa daíng nġ bayan, makikita ninyó't ang bagay na ito'y mabigat na mabigat naman sa mġa diputado, at sa ati'y magaán.

Sa buòng nangyayari ¿anóng inyong mahahanap sa mġa diputadong naninirahan sa Roma upang makatalastas nġ mġa kailanġanín nġ lahat nġ siyudad at nġ mġa bukirín sa Italia? ¿bakit ninanais ninyó sa mġa taong nagaksayâ nġ panahon, ang karaniwan, ang pagaaral nġ latín at griego, at hangang sa kasalukuya'y nagaaksayâ pang malabis sa lalòng dî pakikinabanghan, na makatalos nġ mġa lihim nġ ibá't ibang hanap-buhay? Maáaring mahanap at manais sa isa, kung ang mġa bagay na panghihimasukan nitó ay kaniyang natatantó, at kung ang mġa panġanġailanġa'y kaniyang dinaranas at nakikita.

Kapag naisagawâ na ang himagsikan, tayo'y magsisimulâ muna sa ibabâ, bago tutunġo nġ paitaás. Ang baya'y nahahatì sa mġa samásamahán at sa bawâ't isa'y may kanikaniyang hanap-buhay. Sa udiyok nġ matíding nasâ at bunġa nġ matamáng pagpapalaganap, ang mġa samaháng iya'y magiging malalaking kapisanan. Nġayo'y sagutin ninyó sa akin kung sino ang ibang makatatalos nġ higit sa inyo tungkol sa samahán at hanap-buhay ninyó.

Kapag nagkakaisa na ang maraming samahán ó hanap-buhay, ang mġa kinatawâ'y bubuó nġ malaking kapulunġan upang magdalâ nġ mġa botong ipinadadalâ sa kanila, at kanilang sisikapang malunasan ang mġa kailanġanín at ibá't ibang mġa kahilingan nġ lahat. Ang mġa pagpupulong ay lagíng pamamagitanan nġ mġa patibay at pagsa nġayo nġ mġa naguutos ó nġ bayan, sa makatuwid, walâng panġanib na ang mġa hanġarin nâ bayan ay málibing sa limot.

bagay, na dí magtataglay n̄g anó mang kapangyarihan, maliban sa m̄ga tungkuling ipinapapasan sa kanila n̄g m̄ga naghahalal; sa halimbawà: isa ang mangangasiwà sa pagtatatag n̄g m̄ga páaralan, kayâ, sa pagbubukás n̄g m̄ga daán, ó tungkol sa pagpapalitan n̄g m̄ga bunga n̄g paggawâ na katulad din naman kung tayo'y nagpapagawâ n̄g sapatos sa isang sapatero.

Ito pò ang tinatawag na *anarkía*. Kung ipaliliwanag ko sa inyo n̄g ganap ang bagay na ito, ay mangangailangan tayo ps mahabâhabâng oras, gaya n̄g nagamit na natin. Sa mulíng pagtatagpò, sakâ na pò natin pagusapang mabuti ito.

Hosé.—Siya n̄gâ, n̄guni't samantala, yamang inuntag mo sa akin ang paguusisâ, akó'y bigyan mo pa sana n̄g ilang paliwanag tungkol sa bagay na pinaguusapan.

Iulat mo sa aking mabuti kung páano ang isang mangmáng na marál-itang gaya ko, upang makabatid n̄g m̄ga bagaybagay na tinatawag na pulitika, at nang matantó ko ang m̄ga ginagawâ n̄g m̄ga ministro at diputado.

Horhe.—¿Kung anó ang ginagawâ n̄g m̄ga ministro at diputado, upang kayó'y mamanglaw n̄g gayón na lamang kung hindí ninyo matuhang gawín yaón? Lumilikhá n̄g m̄ga batás at lagíng naghahandâ n̄g m̄ga lakas upang masupil ang bayan at mapagtibay ang m̄ga panggagagâ na inaasal n̄g m̄ga may-ari. Iyan ang lahat. Ang karunungang ito'y hindí na pò natin kailanngang pagaralan pa.

Tunay n̄gâ na ang m̄ga ministro at diputado ay gumaganáp din naman n̄g maraming bagay na mahahalagâ at kailanngan; n̄guni't dahil sa pagkakaroon n̄g m̄ga *lahok na nakasisira* upang mahulog ang kapakin-abanngan sa isang urì ó sa isang taong mapalad, ó kayâ, upang mápa-balantong ang lakad n̄g bayan, sa pamamagitan n̄g m̄ga alituntunin nilang walang saysay at pangpahirap, ang lahat n̄g ito'y hindí nanngangahulugán na sila n̄gâ'y gumaganap n̄g naturang m̄ga bagay. Sa halimbawâ pa: sila'y nakikialam sa pagpapagawâ n̄g m̄ga bagaybagay sa perokaril; dátapuwâ't upang mayari at magamit na mahusay ang perokaril ay walâ namang naitutulong ang m̄ga taong iyan, sa páano man; ang m̄ga inhenyero, m̄ga mekániko, m̄ga manggagawâ, at ibá't ibang m̄ga kawani ay siyang kailanngan, sapagka't mangawalâ mang tunay ang m̄ga ministro, m̄ga diputado at ibá pang m̄ga nagbubuhay-dapò, ay parang walang anó man.

Hosé.—Oo, tunay n̄gâ na mabuti ang lahat n̄g iyan, n̄guni't kapag dí nilakipan n̄g takot sa Diyos ay walâ ring mapapalâ. Hindí mo ako maniniwalâ; narinig kong sinabi n̄g banál nating kura, na ikaw at sampû n̄g iyong m̄ga kasama'y pawang *escomulgado*; narinig kong sinabi ni ginoóng Antonio, na nagaral n̄g maraming karunungán at lagíng bumabasa n̄g m̄ga páhayagan, na kayó'y m̄ga ulol ó m̄ga salarín, na ang tanngi ninyong pinagpupunyagián ay ang lumamon at lumaklak daw lamang n̄g walang kagawágawâng anó man, at sa lugal na sikapin ninyo ang ikatitighâw n̄g m̄ga manggagawâ, ay walâ kayóng hináharap kundí hadlangán ang m̄ga ginoó na siyang tunay na makaáayos n̄g m̄ga súliranin, sa pamamagitan n̄g lalóng magaling na pamamaraan.

Horhe.—Kung ibig ninyo, mang Hosé, na tayo'y magkawatasan, ay bayâan natin sa kapayapaán ang Diyos at ang m̄ga santó, pagka't inyo nang namamalas: Ang ngalan n̄g Diyos ay nagiging sangkalan n̄g m̄ga dumadayâ sa atin at n̄g m̄ga nanggagawâ sa kapuwâ. Ang Hari raw ay pinagkalooban n̄g Diyos n̄g kapangyarihan upang makapaghari, n̄guni't kapag ang nagbabaka na'y dalawang Hari, dahil sa isang lupaín, ang dalawa raw na ito'y kapuwâ rin sinugò n̄g Diyos; at gayón ma'y kung sino sa kanila ang may maraming kawal at mabubuting sandata, ay siyang ginagawaran n̄g Diyos n̄g matuwid, siyang nakapananaig. Ang mámumuhunan ay siyang lumulunod sa atin, at siyang kumakalakal sa lahat. Lahat ay nagsasalitâ n̄g ukol sa Diyos, at nanngagpapanggáp na m̄ga kinatawán ó kahalili n̄g Diyos ang m̄ga kurang katólíko, m̄ga protestante, turko, at sa ngalan din n̄g Diyos na lahat nangyayari ang m̄ga digmâan, kayâ't sa ganitó'y natutuklasán nilang lahat ang mabubuting paraán n̄g pagpapaagos sa kanilang páatubigan. Sa pakinig, tila n̄gâ mandin ang Diyos ay siyang naggawad sa kanila n̄g lahat n̄g yaón, at siya ring nagparusa sa ating m̄ga dukhá sa karukháan at paggawâ. Sa kanila, ang paraiso'y dito sa lupa at sa kabilang mundó pa; sa atin, ang impierno'y dito sa lupa, at ang paraiso'y doón pa sa kabilang mundo, kung tayo'y kusang napaáalipin..., at kung sakaling may kálagyan pa tayo roón.

Bagay sa pananampalataya, mang Hosé, ay dí ko ibig manghimasok, pagka't malayâ ang bawâ't isa sa kanyang isipan. N̄guni't ang ganang aki'y dapat kong ipagtapat sa inyo, na dí ako naniniwalâ sa m̄ga ibinabadyâ n̄g m̄ga kura tungkol sa Diyos at ibá pang m̄ga buhaybuhay nila, sapagka't silang nanngagsasaad niya'y tantóng nagsasakit lamang na tayo'y papaniwalâin, at sapagka't lubâng marami ang m̄ga relihion, at ang lahat namang ito'y pawang nangagpapanggáp na nagbabadyâ n̄g katoto-

hanan, subali, ni sino man sa kanila'y di naka paglalantad nã anó mang katunayan. Ako ma'y makalilikhá rin nã isang mundóng matalinhagà, at pagkatapos ay isermón ko, na ang di maniwala sa aki'y magdurusa sa apóy nã walang hanggan. Sa bagay na ito'y maipalálagay ninyo na akó'y isang balakyot, nãuni't kung akó'y kumuha nã isang batà at maiturò ko rito ang gayóng mãga talinhagà na walà namang makapagpapaliwanag dito nã nalalaban, paglakí nã batàng iyan, ay paniniwalàan din akó, gaya nã paniniwalà ninyo nãgayon sa mãga among.

Sa kabuuán, kayó'y makapaniniwalà sa inyong minamaigi, nguni't huwág na lamang ninyong mábanggit pa sa akin na ang Diyos ay siyang may kaibigán nã lahat, na kayó'y magbatá sa paggawà at magtiís nã gútom; na ang inyong mãga anák ay mangagsilakí nã mahihinà at masasaktín, dahil sa kakulangán sa pagkain at pagaalagà, na ang inyong mãga anák na dalaga'y maging babayi balang araw nã makikisig nating mãga panginoon; dahil sa kung magkakagayon ay inyong mawiwikà na ang Diyos palá'y hiduwàng magarugà.

Sakaling may Diyos, ay walà namang nakatatarok nã kanyang mãga lihim. Kayà, pagisipan at pagaralan nã natin ang ikatitiwasay nã lahat sa mundóng ito, sapagka't kung sa kabilàng mundo'y may isang Diyos nãngang dakilà, ay tayo'y mapapaanyò rin doóng mahinusay, kung ang nangagawà natin dito'y pawàng nababatay sa kabanalan, kung hindi tayo nagpahirap ó kung hindi natin binayàng makapagpapahirap ang ibá sa mãga tao na ang mãga ito, sangayon sa santóng dásalan ay pawàng mãga anák nã Diyos, at pawàng mãga kapatid din nating lahat.

Bukod sa rito, maniwala kayó sa akin: kung nãgayó'y isang mahirap kayó na pinapagdurusa nã Diyos, at búkas ó makalawá'y makátuklas kayó nã maraming pamimilak, kahì't sa pamamagitan nã anó mang marurumíng paraán, ay matatagpuán din ninyó ang matuwid upang huwág nang gumawà, magpapasíal na lamang sa ibabaw nã mãga magagaràng sasakyán, mamasláng sa mãga magbubukíd, at umaglahì sa puri nã mãga dukhàng binibini..., at kayó'y tutulutan din ng: Diyos na magawà anã lahat nã iyan, gaya nã pagpapabayà sa ating mga, panginoón.

Hosé.—¡Sa nãalan ni Kristo! Sapól nang makapagaral kang bumasa't sumulat, at nang makapagparoó't parito ka sa siyudad, ang pananalitá mo'y nagkahugis panglaban na sa mãga abogado. At ang totoó'y nabanggit mo ang mãga bagaybagay na mahahalagá pará sa akin. Akálain mong si Rosina ko'y isang babayi na nãgayon, pagka't nakatagpó naman nã isang binatà na sa kanya'y ninirog nãuni't gaya rin nã dati mong pagkatalos,

Sakà, ang gagawin natin, sa pamamagitan nã lakas, ay ibigay sa kalahatán ang mãga lupà, mãga pangulong bagay, mãga kasangkapan sa paggawà, mãga gusali at ang lahat nã kayamanan. Tungkol sa kaayusan at pamamahagi nã bunga nã paggawà, ang bayan na ang bahalà nã kaniyang maiibigan. Isang bagay ang magsalitá at iba naman ang gumawà. Sa mãga pangyayari na makukurò kung alin ang lalòng mabuting panuntunan. Ang totoó'y maáaring pagaralan na nãgayon pa. Sa halimbawà, sa ilang mãga pook ay maitatag ang *komunismo*, sa ibá'y ang *kolektibismo* at sa ibá pa'y iba naman. Kung alin sa mãga panuntunang ito ang makitang magaling ay siyang gaganapin nã lahat.

Ang pinakabuod pò, alalahanin ninyong mabuti, ay walà nang may tankáin sa paguutós, sa pagmamay-arì nã lupà at ibá pang mãga sangkap sa paggawà. Sa bagay na ito'y nararapat magpakatalas, upang makasugpó agad, sakaling may mangyari, at kasakdala'y gumamit na tuloy tayo nã mãga sandata. Nãuni't ang ibang panuntuna'y malayàng makapagpapatuloy.

Hosé.—Iyan ma'y natatahò ko na rin. Ipaliwanag mo sa akin nãgayon kung anó ang *anarkía*.

Horhe.—Ang *anarkía* pò'y nagkakahulugán nã walàng pámahalaán. ¿Di pò ba nasabi ko na yatà sa inyo, na yamang ang pámahalaá'y walàng saysay, kundì manangkilik lamang sa mãga ginoó, kayà't kung magkakatuusan, ay malinag na walà tayong nararapat pakasikapin gaya nã mahanghán ang kanilang nakasusuyà nang mãga paguutós sa atin? Sa lugál nã ginagawing paghahalal sa mãga diputado at mãga kagawad, na lumilikhá nã mãga kautusán at lumalabag (palibhasà'y nauukol lamang sa atin ang pananalima), ay tayotayo na rin ang magsisiganap nã mãga bagaybagay na nauukol sa atin, at gayón din ang sa ibá pang bagay na kailangang pagpasiyahán. Sakaling mahigpit na kailangang ipagkatiwalà pa sa isa ang ikatutupad nã mãga pinagpasiyahán natin, ay gayón ang ating gágawin at walà na.

At gayon din, kapag mauukol sa mãga maseselang bagay na hindi natin mapagpapasiahán agad, tayo'y hahanap nã lalòng may kayang makapagaaral, makapagsusuri noón at makapagpapalagay nã tumpak, sa makatuwid walàng ganap na makapaghahari sa bagong pagsasamahán, kundì ang nilolob niya. Gaya nã ating mãga kinatawán, sa lugál na maging mapapalad na tao na bibigyan nã mãga karapatáng makapagutos sa atin at sa ibabaw nitó'y makagawà nã mãga kautusáng mahihigpit, sila ang mapipiling mãga tao sa lalòng pinakamatatalino sa lahat nã

Ganyan ang lahat, kailanġan pang magkaroon nġ mġa pakikipagpalitan nġ bawà't nagagawà, at mġa pagtutuós nġ mġa nayayari nġ bawà't isa. Sa makatuwid, ang sapatero'y makapagtataás na walang sala nġ halagá nġ kaniyang sapatos, tulóy hahanġarin na ang dalawang paá noó'y mákatimbang na, hanga't maáari, nġ malaking halagá nġ sa ibang bagay, at ang magsasaka man, kung gayo'y ganyan din ang aasalin. ¿Sino kayà ang makaáayos nġ gulóng ito? Ang kolektibismo'y nagbibigay daán mandin sa maraming saligutgutan, at sa kinagaganito, marahil, ay mápabalik tayo sa pinangalingan natin; sapagka't dapat mágunità: na ang tao'y hindi makaáayos nġ alin mang bagay, hangang siya'y walang kaanóno mang hanġarin doón.

Samantalang sa *komunismo* ay di gayon, bagkus hindi nagluluwag nġ anó mang daang makapipinsalà. Lahat ay magsisigawà at lahat ay makikinabang. Sukat nang matalós kung anó ang mġa bagay bagay na kailanġanín, upang masapatán ang lahat, at upanding ang mġa bagaybagay na naturan ay siya ring mapasaganà.

Hosé.—¿Sa *komunismo*, kung gayon, ay hindi na kakailanġanin ang salapí?

Horhe.—Ni salapí, ni anó man pò'y hindi na kailanġan. Sukat na pò ang isang talàan nġ mġa bagay na pabilin ó nahingí at nġ mġa nagawà, upanding ang bunga nġ paggawà'y tumaás na lagi kay sa dami nġ mġa kailanġan nġ tao.

Ang tanġing kapinsalàan ay kung dumami ang bilang nġ mġa tamad; dátapuwà't naiulat ko na sa inyo ang mġa matuwid, na ang paggawà, na parang isang napakabigat na parusa nġayon, ay magiging isang kaaliwaliw at maranġal na tungkulin nġ tao búkas, at dahil dito'y masasabing táhasan, na ulól nġ tunay ang taong tumangí pa sa paggawà. Naiulat ko na rin sa inyo, na ang lalòng pinakapanġit na mangyayari ay kung sakaling magkaroon nġa nġ ilang nanangí sa paggawà, na bunga nġ masamang turòng natanggap natin, ó sa alin mang babalang nararapat sundín, bago mápatatag ang bagong pagsasamahán, at ang bunga nġ paggawà'y maparami at mabahagi, alinsunod sa mġa pangangailanġan, ay inuulit ko, sakaling magkaroon nġa nġ gayong mġa tao, na sila'y itapon agad nġ kalahatán. Bigyan sila nġ mġa pangulong bagay at nġ mġa kasangkapan sa paggawà, upang sila'y kumilos ukol sa kanilang sarili. Ganyan ang mainam, kung ibig nilang kumain, sila'y makagagawà. Nġuni't makikita ninyo na ang ganitong mġa pangyayari'y hindi lilipanà.

kami'y mahihirap. Nanġanġailanġan kaming bumili nġ mġa kasangkapang gamit nġ tao sa pagtulog, nġ kaunting pananamít at sakà nġ kaunting pamimilak, upang ang aking manugang ay maipagbukás nġ isang maliít na págawaan ukol sa magsususi, pagka't kung mangyayari'y malisan na sanang biglà ang naturang panginoón na sa kanya'y umiimbí, at nang sa hinaharap ay makatikim siya rito nġ kaunting pakinabang parà sa kanyang mġa anak. Nġuni't ni siya ni akó, ay walang salapí, ni marami, ni kauntí. Akó'y mapauutang nġ aking panginoón, at sakà ko siyà pagbayaran nġ sa untuntí. Datapuwà't ¿madalumat mo? Nang ako'y makipagusap na ukol dito, sa aking panginoón, akó'y tinugón nitó, na iyan, anya'y, isang kawanggawà na tinutungkol nġ kaniyang anak; at gayón nġa, ito'y naparoon sa amin, at gayón na lamang ang pagkabighani niya kay Rosina nang ito'y makita; bago nagpalalò, na di umanó'y mayroón nġa siyang mġa kasangkapang nalalaán parà sa kanino mang nanġanġailangan; kayà, kung si Rosina raw sana'y maáaring makapagsadyà sa kaniyang bahay... ¡At sakà po nalarawan sa kaniyang mġa matá ang mġa sinimpang kauntí ko na tulóy ipagdilm nġ matá at ikapanganib ..! ¡Oh! kung si Rosina ko'y... ¡Bah! Bayàan na nġa natin ang mġa kabalbalang iyan...

Akó'y matandà na at natatalós ko na ang mundóng ito ay walang puri. Dátapuwà't ito'y hindi magagamit na katuwiran upang tayo'y maging kuhilà naman... Kayà't ang sabihin mo sa aki'y ¿tunay nġa ba, ó hindi na inaadhikà ninyong kunin ang mġa kayamanan ó pagaari sa mġa nagtatamasa nġayong ilan?

Horhe.—¡Kay tapang! iyan ang ibig kong itanong ninyó. Kapag ibig ninyong makabatid nġ anó mang bagay ukol sa suliranin nġ mġa dukhá ay huwág kayóng magtatanong sa mġa ginoó, at ililigaw kayó sa katotohanan, pagka't walang sisirà sa kanila ring sarisarili. Kung ibig ninyong matantò kung anó ang linalayon nġ mġa sosyalista, ay itanong ninyó sa mġa kasama ko, ó sa akin; nġuni't huwág magkakamaling magtanong sa ating kura, ó kay ginoóng Antonio. Mahanġa'y kung makakausap kayó nġ ating kura, ukol sa bagay na ito, ay itanong ninyó sa kaniya, kung bakit kahì't kayó'y gumagawà ay masamá rin ang inyong kinakain, at siyang walang ginagawà sa araw-araw, maliban sa buklatbuklatin ang kaniyang dásalan, ay kumakain siya nġ masasarap na ulam at nġ mġa matatabang inahing manok, sa piling nġ kaniyang mġa pamangkin. Itanong ninyó kung bakit siya'y laging kaututang dilà nġ mġa ginoó, at kung kayà lamang makipagkita dito sa atin ay kung kailan lamang mayroong hini-

hingî. Itanong ninyó sa kaniya, kung bakit laging ibinibigay ang matuwid sa mġa ginoó at sa mġa may kapangyarihan, at bakit sa lugal na agawin nila ang tinapay sa inyong bibig—na anila'y alangalang sa kaluluwa nġ mġa patáy—ay hindi sila magpatulo nġ pawis upang makatulong sa mġa buháy at nang hindi nabubuhay sa pawis at pagod nġ ibá. Tungkol naman kay ginoóng Antonio, iyang binatàng mabulas, na nagaral at nġayo'y nagaaksayá lamang nġ panahon sa mġa inuman nġ kapé at sa pakikipagdaldalan sa Ayuntamiento, ay sabihin ninyó na mahanga'y tinatapos na niya ang pagbubulakbol, at nang mapagukulan naman nġ kaunting panahon ang pagaaral nġ kung anó ang paggawâ at karukhaán, sa lugal nġ pagaabalá niya sa ating pamumuhay.

Hosé.—Sa bagay na iya'y mayroón kang matuwid; nġuni't pagbalikan natin ang itinatanong ko sa iyo: ¿tunay bagá na inadhikâ ninyong agawin ang mġa pagaari sa ílang mayayaman?

Horhe.—Hindi pò; hindi namin adhikâ ang umagaw nġ anó man; dá-tapuwâ't ibig naming kunin ang mġa pagaari sa mġa ginoó, ang mġa kayamanan sa mġa nagtatamasa, upang iukol sa kapakinabangán nġ lahat. Pag nagkagayon, waláng kukunin ang bayan sa kanino man, kundî ang lahat nġ arî'y mapapasa lahat.

Hosé.—¿Bakit naman? Sa makatuwid bagá'y ating lahat ang mġa pagaari nġ mġa ginoó?

Horhe.—Siya pòng totoó; mġa pagaari natin at sa lahat. ¿Sino ang nagbigay sa kanila nġ mġa pagaaring yaón? Anóng kanilang matuwid na arîin at ankinín pa hangga nġayon ang naturang mġa pagaari?

Hosé.—Sa pagka't nangamana sa kanilarg mġa ninunò.

Horhe.—¿At sino ang nagbigay sa kanilang mġa ninunò nġ mġa pagaaring iyan na kanilang tinatamasa? ¿At sa páano! Inangkín nġ ílang mġa malalakas at lalóng mapapalad ang lahat nġ bagay, sakâ pinagawàng pilit ang ibang tao parâ sa kanilang ikabubusog; at hindi nagkasiyang mabúhay sa pagsasamahán, nanglupig at hanggang nahulog sa karukhaán ang malaking bahagi nġ kanilang mġa kapanahón, iniwan sa mġa anak at sa anak nġ kanilang mġa anak ang mġa pagaari't kayamanan na kanilang inankín, pinapagdusa ang katauhan nġayon na maging alipin nġ kanilang mga inapó; na ang mġa ito'y pawàng nanganghinâ naman sa katamaran at sa bala nang maibigang gawín, nġ waláng kabalibalino sa ibá, maliban sa kanilang sarili, at nġayo'y ibig pa manding umastâ, sa pamamagitan nġ lakas, nġ gaya rin nġ ginawâ nġ kanilang mġa ninunò, na

Hosé.—Sandali muna, Bago ang iba pa, ay nararapat mong ipaliwanag sa akin kung anó ang kahulugán nġ pangunġusap na *pagkakaisá*; sapagka't naihiwatig mo, na dapat maghari ang lubos na pagkakaisá nġ lahat nġ tao, at ako, parâ matantô mong tunay, ay talagang hindi nakakaunawâ noon.

Horhe.—Sa halimbawâ, sa inyong magának, ang lahat nġ kinikita ninyo, nġ inyong mġa kapatid, nġ inyong asawa, nġ inyong mġa anak, ay pawâ ninyong naiukol sa inyong lahat din. Lahat kayóy nagsisikain nġ ganap, at kapag waláng sapat parâ sa inyong lahat, lahat kayóy nagdadál-itâ sa tigkakaunti. Nġayon, kung ang isa sa inyo'y mawalán nġ gawain ó magkasakit ay masamá rin parâ sa lahat, sapagka't isang katotohanan, na ang hindi gumagawâ sa inyo'y kumakain ding tulad nġ ibá, at ang isang may sakit ay lalò pang pinagkakagugulan nġ marami. Sa ganitong paraán, ang nangyayari sa inyong magának, sa lugal na agawin ang tinapay sa bibig nġ isa't isa, ay sinisikap ninyó ang pagtutuwanġan, sapagka't ang kaginhawahan nġ isa'y kaginhawahan din nġ lahat, at ang kasamá'y gayo't gayón din. Sa ganitong ayos, napaparam ang pagtataniman at pagiingitan, samantalang lumulusog ang magandang pagsasamahán, na kailan ma'y hindi umiiral sa alin mang magának na bahábahagí ang mġa pagkabuhay.

Ito ang tinatawag na *pagkakaisá*. Ang layon nġa'y maisagawâ sa katauhan ang maayos na pagsasamaháng naghahari sa isang magának, na binubuò nġ mġa taong masintahin sa katotohanan.

Hosé.—Napagunawâ ko na. Nġayo'y pagbalikan natin ang bagay. Ipag-tapat mo sa akin, kung ikaw ay *komunista* ó *kolektibista*.

Horhe.—Ako pò'y *komunista*. Sapagka't kung makikipagkaibigan din lamang, ay mahalagá ang ganap kay sa pakalálalihatî. Ang *kolektibismo'y* may iniwan pang mġa binhi nġ pagpapanġagáw at pagtataniman. At mayroon pa. Kung ang bawâ't isa'y magpapakabuhay lamang sa sarili niyang nagagawâ, tila mandin may kababâan ang uri nitó sa *komunismo*, sapagka't maáaring makapagudiyok din sa mġa tao nġ mġa pamumukuran, at sa gayo'y makababawas pa nġ kanilang mġa lakas at kasiglahán. Gayon ma'y maári ring makapagpatuloy sa ganitong panuntunan. Subali, gaya sa halimbawâ, nġ sapatero ay hindi makakakain nġ sapatos, ni ang magbabakal at magsasaka ay hindi makayayari sa kanilang sarisarili nġ lahat nilang kinakailangán, at ni hindi matatamnán halos ang lupâ kung waláng mġa manggagawàng tumitibag nġ mġa bakal at nġ mġa yumayari nġ mġa kasangkapan.

bagay at mġa kasangkapan sa paggawâ, at ang bawâ't isa'y maging mayari nġ bunġa nġ kanilang nagawâ. Samantalang nabubuhay, siya ang bahalâng maggugol ó magingat nġ kaniyang naimpok, tanġi lamang kung pupuhunanin sa ibang mġa manggagawâ. At kung mamatay, sakaling nakapagimpok, ang naimpok na ito'y mapapatunġo sa kapisanan ó sa kalahatán. Ang mġa anák nila'y walâng salang may mġa lakas din sa paggawâ, gayon din sa paglasap nġ mġa bunġang ito. Kung ang mġa anák na natura'y pagmamanahin pa, ay isa nang landas iyan upang mápabalik ang bagong pagsasamahán sa dating pagtatanġitanġi at di pagpapantay-pantay nġ mġa tao. Tungkol sa mġa pagtuturò, sa pagaalagâ sa mġa batâ, sa mġa matatandâ ó mġa salantâ sa paggawâ; sa mġa daán, tubig, pagilaw at kalinisang-bayan, at sa mġa bagaybagay na dapat magampanán, alangalang sa kapakinabangán nġ lahat, ang bawâ't ka pisanan nġ mġa manggagawâ'y maguukol nġ isang halagâ upang maitapat sa mġa taong magsisitupad nġ gayóng mġa gâwain.

Ang mġa *komunista'y* sa dakong pa roón. Sinasabi nila na upang mápasulong na mabuti ang pagsasamahán, kinakailangán, na ang mġa tao'y magmahalan at magpalagay ang tulad sa isang magának sa loob nġ bahay. Yayamang ang mġa pagaari'y nararapat mápatunġo sa lahat, at upang makapagpaginhawa ang mġa mákina, maparami ang bilang nġ bunġa nġ paggawâ, ay dapat gampanín sa pamamagitan nġ tulong nġ mġa malalaking kapisanan nġ mġa manggagawâ; at, yayamang, upang masamantalâ ang mġa pagbabagong singâw nġ lupâ at mġa himig nġ hanġin, upang magawâ ang lalòng mabubuti't inaakalâng mainam na paraán sa bawâ't pook, at sa isang dakó, upang mailagan ang mġa pagpapanġagawán at pagtataniman nġ mġa bayánbayán, at nang malunasan ang mġa pagdagsâ nġ mġa tao sa mġa pook na mahusáyhusáy, ay mahigpit na kailangán ang lubos na *pagkakaisâ* nġ lahat nġ tao sa buóng mundó; sapagka't ang isa pa'y napakahirap tuntunín sa bunġa nġ paggawâ ang bahaging nauukol sa gayong tao ó pulutong, ay sa lugál na tayo'y magkaroon nġ mġa pagabalâ at pagkakamalî tungkol sa nagagawâ nġ bawâ't isâ, ang mabuti pa'y gumawâ na tayong lahat, at ang magiging bunġa'y maukol sa kalahatán.

Ganyan, bawâ't tao'y maghahandog sa pagsasamahán nġ kaniyang mġa lakás na maibibigay, samantalang ang bunġa nġ paggawâ'y hindi nakasasapat sa lahat; at ang bawâ't isa'y kukuha nġ lahat niyang kailangánin, maliban lamang, at ito'y dapat pakaunawain, sa mġa bagay na hindi pa saganâ, alinsunod sa mġa pangyayari.

kapag nagkataó'y walâng salang ipanglulumó natin... ¿Ito kayâ'y wastó sa palagay ninyó?

Hosé.—Kung tayo'y inagawan sa pamagitan nġ lakas, ay hindi. Subali, sinasabi nġ mġa ginoó, na ang mġa yaman nila'y pawang bunġa nġ kanilang pawis; kayâ't sa palagay ko'y hindi nararapat namang kunin sa isa ang bunġa nġ pinagpaguran nitó.

Horhe.—¿Na naman! Ang lahat nġ hindi gumagawâ't ni kailan ma'y nakágawâ't kung sumabi'y lagi na lamang sa nġalan nġ paggawâ.

Sabihin ngâ ninyó sa akin, kung paanong pagsibol at kung sino ang lumalâng nġ lupâ, nġ mġa metal, nġ úling na bató at ibâ pang ganganitó. Maging Diyos ó maging kalikasán man ang lumikhâ nġ mġa ito, ang totoo'y kinamulatan na natin dito sa mundó ang lahat nġ iyan, kayâ't nararapat din namang pakinabangán nġ lahat. ¿Anong inyong masasabi, sakaling maging pagaari nila ang hanġin at ito'y mapasakanila na, walâng mátira sa atin, kundî kaunting simoy na lamang, at kahit nġ lalò pang masasal, sakâ pabayaran sa atin nġ atin ding mġa pagod at pawis? Subali, ang kaibhán lamang nġ lupâ sa hanġin, ay ang pagkakatuklas nġ paraán upang yao'y maankin ó masarili at mapagbahabahagi nila, samantala ang hanġi'y hindi; nġuni't pagnagkataóng sila'y nakatuklas nġ paraán, ay sapilitang gagawin din nila sa hanġin kung anó ang kanilang mġa ginawâ sa lupâ.

Hosé.—Siyang totoo, sa ganang aki'y iyan ang ganap na matuwid, ang lupâ at lahat nġ mġa bagaybagay na di ginawâ nino man, ay nauukol parâ sa lahat... Nġuni't sa isang dakó, hindi naman lahatlahat ay yaringyari na nilang nakuha.

Horhe.—Tunay; totoóng marami na ang nagawâ nġ tao, at dito'y maisususog pa natin na ang lupânglupâ na'y hindi magkakahalagâ nġ gaano kung hindi nagawâ ang pagtibag nġ mġa bundukin at ito'y napagpagalan. Kung gayon, sa daán nang katuwira'y dapat maukol sa mġa nagsipagpagal. Dátapuwâ't ang sagutin ninyó sa aki'y kung anóng himalâ't nasa kamay ngayon ang mġa iyan nġ mġa nagkakamot lamang nġ tiyan, na, ni sa tanang búhay nila'y walâng masabi na nagawang anó man?

Hosé.—Sinasabi nġ mġa ginoó na ang kanilang mġa ninunò raw ay namuhunan nġ pagal at pagimpok.

Horhe.—Sa katuwirang iya'y tila marikit pang sabihin na natuto ang kanilang mġa ninunóng magpagawâ nġ walâng bayad, na gaya rin nġ inaasal nila ngayon. Maliwanag na itinuturò nġ Kasaysayan na ang mġa kapalagayan sa mġa manggagawâ'y talagang kaimbímbí,

waláng pagbabago, gaya rin n̄g sa ngayon, na ang taong dí kumakatás sa pawis n̄g kaniyang kapuwà, ay hindi lamang dí nakapagtitipid sa pamumuhay niya, kundí, ni makuhang makapagtakip sa kaniyang gútom at pan̄gan̄gailan̄ga'y, dí pa mangyari.

Unawàin ninyó ang m̄ga halimbawàng ating namamalas; lahat n̄g ibinubun̄ga n̄g waláng tigil na pagpupunyagí n̄g m̄ga manggagawà'y tignan, kundí nahuhulog sa m̄ga kamay n̄g m̄ga pan̄ginoón na waláng ginagawà, liban sa maturang magtanód lamang.

Ipalagay nating nakabili ngayon, sa kaunting salapí ang isang tuso, n̄g isang lupaíng malawak at masukal; nagpautos n̄g m̄ga taong sukat makahawan at makapagaalagà sa naturang lupà, at salamat kung ang m̄ga taong ito'y mabigyan n̄g katamtamang ipagpapawìng gútom, samantalang siya'y papasiálpasiál sa siyudad. Pagkaraán n̄g ilang taón, ang naturang basal na lupà'y naging isang hálamanán at sa ganito'y umaani n̄g nakasangdaáng higit sa pinuhunan. Ang m̄ga anak n̄g may arí, na magmamana n̄g yamang ito, ay man̄gan̄galandakan, na yao'y kanilang tinatamasa, alang sa pawis na iginugol n̄g kanilang amá, at ang m̄ga anak niyong tunay na gumawà at nagtiís maghawan, nagtanim sa nasabing lupà, ay magpapatuloy pa ring waláng sala sa paggawà at pagtiíis. Sa bagay na ito, ¿anó ang inyong masasabi?

Hosé.—Ah... kung tunay ang wikà mo, na nangyari sa mundó ang halimbawàng namamalas ngayon, ay walà akóng masasabi kundí: maliwanag na waláng yamang nararapat maukol sa m̄ga nagmamay-ari.

Horhe.—Daragdagan ko pa. Sa sandalíng ito'y ibig kong magpalagay naman n̄g kahì't anóng bagay na makakasangayon sa m̄ga ginoó. Ipalagay natin na ang m̄ga may-ari (propietario) ay pawàng anak n̄g m̄ga taong masisipag at maimpukin, at ang m̄ga manggagawà'y pawàng anak naman n̄g m̄ga tamad at waláng tuós maggugol. Marahil ay malabis na ang sinabi ko, n̄gunit hindi kailan̄gan; at ang magkagayon man, ay ¿maipalalagay na kayàng wastó at maayos ang pagsasamahan ngayon n̄g m̄ga tao? Kung kayó'y gumagawà at akó'y nagbubulakbol, nararapat akóng papagdusahin sa aking katamaran; n̄guni't ang dí nararapat, ang aking m̄ga anak na mangyayaring lumabas na masisipag na manggagawà, ay magpakamatay pa sa kapagalan at mamatay sa gutom, upang buhayin ó bigyang búhay lamang ang inyong m̄ga anak sa kasaganàan at paglilwaliw.

Hosé.—Iya'y m̄ga bagay na dí ko makatuwiranan sa iyo; subali'y na sa m̄ga ginoó rin ang madlàng yama't pagaari, kayà't sa malao't madali'y

naisip nila ang pan̄gan̄gailan̄gang guluhín ang súliranin, upanding sila'y makálinlang na mabuti; marami sa kanila ang nan̄gagasisipagpangap na sila'y *sosialista* rin, sapagka't sila ma'y nagmimithi n̄g kaginhawahan n̄g bayan, at sapagka't natatalos nilang lubos ang pan̄gan̄gailan̄gang *mabawasan* ang kaimbihán. Nang una'y ipinaglalaman nila, na, ang súliraning pinaguusapan, ó kayà, ang súliranin tungkol sa kaimbihán at m̄ga samang ibinubun̄ga nitó, ay hindi dinaranas. Ngayong ang sosyalismo'y nakapaninindig na n̄g kanilang m̄ga balahibo, ay sakà naman nan̄gagapaparirala na sosialista raw silang lahat na nagaaral n̄g naturang súliranin, gaya n̄g maitatawag sa isa riyang médikong nagaral tungkol sa m̄ga sakít n̄g katawán, na hindi dahil sa nasang makagalíng ang paggamot, kundí lalong mapatagal ang sakít, hanga't maaari.

Kayà n̄gà't sa m̄ga republikano, m̄ga makahari, m̄ga hukóm, m̄ga pulés, at sa lahat na n̄g luwal, ay makakasumpóng kayó n̄g m̄ga taong nagsisipagpangap na *sosialista*, at ang kanilang *sosialismo'y* natutun̄god sa paghutok, ó sa pagpapahalal n̄g m̄ga diputado, sa pamamagitan n̄g m̄ga pangakong hindi maásahan, pagpilitan man.

Sa m̄ga sinun̄galing na *sosialistang* ito'y mayroón din namang mapupuló na nagaakalàng mabuti ang kanilang ginagawà; n̄guni't ¿anóng kailan̄gan? Kung sa pagaakalà n̄g isa na siya'y gumagawà n̄g magaling, ay papatayin naman kayó n̄g palò, marahil ay walà kayóng aagapan, kundí maagaw sa kaniyang m̄ga kamay ang pamalò, sapagka't sa pagagaw na ito, ang m̄ga tika ninyó'y mailagan lamang na huwag makapangbasag n̄g inyong ulo.

Kayà n̄gà't kapag may isa riyang nagpaparanghiyà sa inyo na siya'y *sosialista*, itanong ninyo agad kung siya'y sangayong mawalà ang m̄ga pagmamay-ari n̄g tao, kayà, sa isang salitâ, kung ibig niyang maalisán ang m̄ga ginoó n̄g lahat nilang kayamanan, upang maipabiyayà sa lahat. Kung tumugon n̄g pagsangayon, siya'y inyong pakayakaping mahigpit, at kung hindi, ay pakailagan namang tulad sa isang kaaway.

Hosé.—Kung gayón, ikaw ay *sosialista*. Batid ko na. N̄guni't ¿anóng ibig sabihin n̄g m̄ga tinatawag na *komunista* at *kolektibista*?

Horhe.—Ang m̄ga *komunista* at *kolektibista'y* pawàng m̄ga *sosialista*. Sila'y may iba't ibang panuntunang ibig matupad, kapag ang m̄ga pag-aari'y nápatun̄go na sa lahat. Kung inyong naaalaala, tila akó'y nakapagulat na sa inyo n̄g kauntí ukol sa bagay na ito. Ang m̄ga *kolektibista'y* may palagay na ang bawà't manggagawà, ó sa táhasang sabi, bawà't kapisanan n̄g m̄ga manggagawà ay nararapat magari n̄g m̄ga pan̄gulong

upang magkatalusang mabuti n̄g bawà't ibig sabihin n̄g isa't isa. Ang hindi pagkaunawà noón, ay nagiging dahil n̄g m̄ga pagkakamali.

Dapat n̄gâ ninyong matalastas na ang tinatawag na m̄ga *sosialista'y* yaóng may m̄ga pananalig, na ang kaimbihán ay siyang kaunaunahang sanhi n̄g lahat n̄g samâ sa pagsasamahán n̄g m̄ga tao, at hangang hindi napapawi ito, ay hindi rin naman mapaparam ang kamangmanḡán, ang pangaalipin, ang pagtatanḡitanḡi sa pamamayan, ang pagkalugmok sa kahalayan n̄g m̄ga babayi at ibang m̄ga sakít na nakabubulok sa bayan sa lalòng nakapanglulumóng kalagayan, bagama't ang m̄ga ito'y hindi pa rin maipapantay halos sa m̄ga karukhaáng nagbubuhay sa naturang kaimbihán. Ang m̄ga *sosialista'y* nananalig na ang sanhi n̄g kaimbihán, ay buhat sa pangyayari na ang lupà at lahat n̄g m̄ga pangulong bagay, gaya n̄g m̄ga mákina at m̄ga kasangkapan sa paggawâ, ay hawak n̄g ílang katao, na siyang may hawak n̄g búhay at kamatayan n̄g m̄ga anak-pawis. Ang ílang kataong naturan ay walang humpáy sa kanilang lagáy na pakikitungali at pakikipangagaw, hindi lamang sa m̄ga manggagawang walang kaanónó mang pagaari, kundí sa kanikanila rin, upang makahigít ó makakuha sa isa't isa n̄g pagaari. Ang m̄ga *sosialista'y* nananalig na kapag nawalâ ang pagmamay-arí n̄g tao, ó ang sanhi, ay mawawalâ rin agad ang kaimbihán, ó ang bunḡa. Ang pagmamay-aríng ito ay maári at nararapat mawalâ, sapagka't ang bunḡa n̄g paggawâ at ang pamamahagi n̄g kayamanan, ay nararapat mabatay sa bawà't kabuhayan n̄gayon n̄g tao, na walang anó mang lilingunin sa tinatawag na m̄ga karapatáng nátamó, ó kayâ, sa m̄ga kaloob na tanḡing kapangyarihang itinututol n̄g m̄ga ginoó n̄gayon, sa katuwirang ang kanilang m̄ga ninunò'y lalòng malalakas ó lalòng mapapalad, ó lalòng m̄ga tuso, ó lalòng m̄ga banal at masisipag na higit sa ibá.

Gayon n̄gâ, tandaán ninyong mabuti; tinatawag na m̄ga *sosialista* ang lahat n̄g nagaadhikâ na ang m̄ga kayamana'y mapasalihat n̄g tao, at nagnanasâ rin namang mawalâ ang m̄ga may-arí at m̄ga manggagawâ, m̄ga mayayaman ó m̄ga mahihirap, m̄ga panginoón ó m̄ga alagad.

Nang m̄ga nagdaáng taón, ito'y naging kaugalian na. Sukat nang matawag kang *sosialista*, upang ikaw'y pagusigin at pagtanimán n̄g m̄ga ginoó. Minamabuti pa nila ang isang laksáng nanatay n̄g tao kay sa isang *sosialista*. Subali, gaya na n̄gâ n̄g nasabi ko sa inyo, nang makita n̄g m̄ga ginoó at ibig manḡaging ginoó, na ang *sosialismo'y* sumusulong at namumulat na ang m̄ga matá n̄g bayan, kahit anóng hadlang ang kanilang gawing m̄ga paguusig at m̄ga pagpalibhasâ, ay

nararapat din nating pasalamatan sila, sapagka't kung hindi sa kanila'y hindi tayo mabubuhay.

Horhe.—Oo pò; na sa kanila n̄gang kamáy ang madlâng yama't pa-gaari, sapagka't ang m̄ga ito'y pawà nilang natamó sa pamamagitan n̄g panggagahis, at naragdagan sa pamamagitan naman n̄g pagnanakaw nila sa bunḡa n̄g pawis n̄g m̄ga mahihirap. N̄guni't sa ganito ring paraán maiwan nilá ang lahat n̄g iyan.

Hanga n̄gayon, ang m̄ga tao sa sangdaigdigan, ay walang tahán nâ pakikidigmâ sa kanilang kapuwâ tao, pinagsikapan n̄g m̄ga ginoó na matuklasan kung páano ang pagagaw n̄g tinapay sa bibig n̄g may bibig, at sakâ ginawâ n̄g bawà't isa ang lahat n̄g paraáng magagawâ upanding ang kanilang kapuwâ'y maging alipin nila na parang hayop. Dátapuwâ't panahon na n̄gayon upang mawakasán ang lahat n̄g iyan. Walâ tayong napalâ sa digmaan kundí bagkus nasasadlak ang katauhan sa kaimbihán, pagkabusabos, pagkakasala, at pagkakaroon n̄g m̄ga mahahalay na babayi at ibá pang m̄ga pagkasawing pinamumuhunanang n̄g dugô na tinatawag na m̄ga digmâ't paghihimsik. Subali, kung sa lugal nang digmâ'y pagtibayin nata ang tinatawag na pagmamahalan at pagdaramayán n̄g bawà't tao sa kapuwâ tao, ay walang pagsala na dí dagling mapaparan ang kasamán, mawawala na ang m̄ga tanḡitanḡi't pagbubukodbukod—samantalá ang isa'y nananaganâ, ang ibá namaa'y nananalat—at ang mangyayari'y pakakahangarin n̄g bawà't isa ang ikapapagaling nâ lahat.

Labis kong natatalos na kinagawian na n̄gâ n̄g m̄ga mayayaman ang magutós at mabuhay n̄g walang kagawágawâ, at kapag ang sulirani'y nauukol sa ikapagbabagong búhay n̄g tao ay totoóng mailap ang kanilang m̄ga katawan. Matiyagan natin ang sinasabi nila. Kung ang kanilang ipakikilala, kahit sa mabuting paraán ó pagtakot, ay isang payo, na ang higantihan at pagtataasan n̄g uri'y hindi nararapat maghari sa m̄ga tao at ang lahat ay nararapat gumawâ, ay napakainam; n̄guni't kung hindi ganito, kundí bagkus ang nasâ'y ipagpatuloy pa n̄gâ ang pananandat nila sa bunḡa n̄g panggagahis at pagnanakaw n̄g kanilang m̄ga ninunò, ay ¡lalòng napakainam at madali pang lutasin! Sa lakas nila kinamkam ang lahat n̄g yama't pagaari, ay sa lakas din natin makukuha sa kanila ang lahat n̄g ito. Kapag ang m̄ga mahihirap ay nagkakaisa, sila ang napakalakas sa lahat.

Hosé.—Subali, kung walâ nang mayayamang ginoó ¿sa páano tayo mabubuhay? Sino ang magbibigay sa atin n̄g m̄ga gagawin?

Horhe.—¡Waring balintunà! ¿Sa páano? Sa arawaraw, kita nang dalawa ninyong m̄ga matá, na kayóng lahat ang nagaararo, kayó ang nagtatanim, gumaga pas, naghihimay at nagdadalá n̄g bigas sa m̄ga magbibigas; kayó ang gumagawà n̄g alak, n̄g langis, n̄g keso, at sakà n̄gayó'y ¿inyo pang naitatanong kung sa páano tayo mabubuhay kung walang m̄ga mayayamang ginoó? Ang itanong pa ninyong mabuti'y kung sa páano sila mabubuhay, kung walá tayong m̄ga tungak na manggagawà sa bukid at sa kabayanan, na sa kanila'y bumubuhay, bumibihis at... nagaalagà n̄g m̄ga anák na dalaga upang mapagaliwán nila.

Kanikaniná lamang ay ibig ninyong magpasalamat sa kanila, pagka't aniyo'y sila ang nagbibigay sa inyo n̄g pagkabuhay. Dî бага ninyó alam na sila ang nagpapasasà sa bunga n̄g inyong pagod at ang bawà't tinapay na kanilang n̄ginangalot ay inaagaw lamang nila sa inyong m̄ga anák? ¿Na ang bawà't paghahandog ó alay sa kanilang m̄ga sinisintang babayi'y katimbang n̄g ating kasalatán, gútom, ginaw, at n̄g pagkalugmok sa kahalayan n̄g ating m̄ga babayi?

¿Anóng nagagawà n̄g m̄ga ginoó? Walá. Sapagka't lahat n̄g kanilang tinatamasa ay pawang nagbuhat lamang sa pawis n̄g m̄ga manggagawà.

Subukin ninyong mawalá búkas ang m̄ga magbubukíd, walang makagawà sa lupà, at kundí, sila unauna ang mamamatay; kapag nawalá ang m̄ga sapatero, ay walang gagawà n̄g m̄ga sapatos; kapag nawalá ang m̄ga anluwagi, ay walang gagawà n̄g maḡa bahay, at kapag ganyan n̄g ganyan ang mangyayari sa bawà't balanḡay ó hanay n̄g hanap-buhay n̄g m̄ga anák-pawis, ay mapipigil na walang sala ang pagyari ó paggawà n̄g bawà't bagay, at sa ganito, ang lahat n̄g tao'y maaántala at mananalat sa kanilang m̄ga kailanḡanín.

Nḡuni't ¿anóng inyong ipaghihirap, sakaling manḡalipol ang m̄ga ginoó? Para ring nanḡalipol ang m̄ga balang.

Hosé.—Oo, nḡa't totoóng maliwanag iyan; tayo ang gumagawà n̄g lahat; nḡuni't páano ang pagtatanim ko n̄g halaman, kung walá akóng lupà, ni hayop, ni m̄ga binhí? Sinasabi ko sa iyo na walá tayong magagawà. Sa kagipita'y pilit pasusupil din tayo sa kapangyarihan n̄g m̄ga panḡinoón.

Horhe.—Nḡuni't tayo pò kayà'y nagkakawatatan, mang Hosé, ó hindi? Tila ang bagay na iya'y naiulat ko na kanina; talagang huhubarán natin ang m̄ga panḡinoón n̄g lahat n̄g kailanḡan sa paggawà't pamumuhay, na gaya n̄g lupà, m̄ga kasangkapan, m̄ga binhí't ibá pang bagay.

Labis kong nababatid na samantalá ang lupà't m̄ga kasangkapan sa paggawà'y nasa sa kamay n̄g m̄ga panḡinoón, ang m̄ga manggagawà'y

pamamaraa'y nanḡagkamit sila n̄g luklokan sa piling n̄g m̄ga burgés, at n̄gayó'y ipinalalagay pang m̄ga ulól ang lahat n̄g nagtataguyod n̄g naturang layon. Marami rin naman sa kanila ang nagnanasà n̄g himagsikan; nḡuni't samantala'y... ibig nila munang managing diputado.

Kapag may nagpahayag sa inyo na ang himagsika'y hindi kailanḡan, ó kayà'y nanguupat lamang na maghalal n̄g m̄ga diputado, ó poḡa kagawad-panglahat, ó kayà'y n̄g pakikianib sa alin mang pangkatin n̄g m̄ga burgés; kung ang nagsasalitá'y isang kasama at gaya rin ninyong nagtitigis n̄g pawis, ay pagsikapang mapaliwanagan ang kaniyang isip; nḡuni't kung siya'y isang burgés, ay ipalagay naman ninyong isang tunay na kaaway, at kayó'y magpatuloy sa inyong layunin.

Itigil natin muna ang salitaan. At sakà na pò tayo magusap n̄g lalóng mahabàhabà tungkol sa bagay na pinaguusapan. Hangang sa muling pagkikita.

Hosé.—Hangang sa muli, at akó'y ganap na nasisiyahang loob, sapagka't naipaliwanag mo sa akin ang maraming bagay; at n̄gayong maliwanagan na akó, marahil, ay hindi na mangyayari sa akin ang kaparis n̄g dati. Hangang sa muling pagkikita.

II

Horhé.—Hintay ka muna. Yamang kitá'y nagkakapulung din n̄gayon, nang dî tayo magkahiwalay n̄g tuyó ang m̄ga lalamunan ay uminom katá muna n̄g kauntí, at samantala'y magtatanong pa akó sa iyo n̄g ilang bagay.

Ang lahat n̄g m̄ga ipinaliwanag mo sa akin ay napagunawa ko na..., mámaya'y pagbubulaybulayin ko, at sakà akó'y magpapakatibay n̄g pananalig sa sarili. Dátapuwà't hindi mo naiulat sa akin halos ang m̄ga kahulugán n̄g m̄ga maseselan na panḡunḡusap na malimit kong marinig, kapag ang napaguusapa'y ang bagay na iyan. Yaó'y nakagugulong lubhá sa aking úlo, palibhasà'y hindi ko nababatid. Sa halimbawà, narinig ko riyan na kayó'y m̄ga *komunista, sosyalista, internasionalista, kolektibista, anarkista*, at ibá pa. ¿Maári bang matalós ko ang m̄ga kahúkahulugán n̄g m̄ga panḡunḡusap na ito, at kung anó naman kayóng tunay?

Horhe.—¡Ah! tumpak pò; nakagawa kayó n̄g magaling sa inyong pagtatanong niyan, sapagka't ang m̄ga panḡunḡusap ay totoóng kailanḡan

kawal. Tayo'y hindi mananalangin mabuti, alalaon baga'y magamit na kalasag sa bagay na iyan. Dati nang alam na ang himagsikan ay hindi nakukuha sa mga binasbasang tubig at mga panalangin.

Unawain ninyo, sa isang dakó, na ang mga dukha'y siyang pinakamarami sa lahat, at kung matatalos ng mga ito ang mga kapakinabangan sa sosyalismo, ay tahasang masasabi na walang lakas na sino man, sa mundo, na makapipilit sa kanilang manatili sa kalagayang tulad sa ngayon. Tantuin ninyo na ang mga dukha'y yaong gumagawa at nakayayari ng lahat. Kasakdala'y isang bahagi na lamang sa kanila ang tumigil sa paggawa, ay walang salang di magkakaroon ng mga pagaagawang-buhay at panghihinà ang kalakaran, na walang makalulunas kundì himagsikan. Tantuin pa ninyo, na ang mga kawal ay pawang mahihirap din, na napipilit lamang ng tungkulin upang maniktik at maging mamamatay ng tunay nilang mga kapatid; sa bahagiya pang pagkaunawa ng mga banal na layunin, ay pilit nang magigiliw at makakatulong ng palihim sa mga unang sandali, at sa huli'y hayagan nang katulong ng bayan. Sa gayo'y mawiwika ninyo tuloy sa sarili, na ang himagsikan pala'y hindi lubhang napakahirap, gaya ng kung binabantà pa lamang.

Nararapat matalang lagi sa isip na ang himagsika'y lubos na kailangan; nararapat humandang lagi sa pagganap at lumaan sa ano mang mangyayari...; huwag magalinlangan na ang bagay na pinaguusapa'y di mangyayari, sa kusain at hindi man.

Hosé.—Akó'y nananalig na may matuwid ka sa iyong sinasabi. Dápuwà't mayroon din namang nagpaparirala na ang himagsikan ay walang saysay, at ang lahat ng bagay ay tulad din sa mga bungang nahihinog na kusà. ¿Anó kayà naman ang maisasagot mo rito?

Horhe.—Dapat pò ninyong matalos na buhat pa nang lumagalaganap ang sosyalismo, at ang mga burgés, ó ang mga ginoó'y magkaroon ng takót sa bagay na ito, ang lahat ng paraang makababago ng lakad at makadadayà sa bayan ay siya na nilang pinakaisip. Lahat, patí ng mga hari..., mandi'y nagpapanggap nang mga sosyalista. Maipauubayà ko na sa inyong pagkukurò, kung anó kayang uri ng sosyalismo ang malilikha ng mga ito. Sa sinapupunan man ng aming pagsasamahán, sa kasawiang palad, ay mayroon ding nangagsilabas na mga taksil, na dahil sa mga hibong naipanglamuyot sa kanila ng mga burgés, at mga sarili pang kapakinabangang matatamó, upang maitakuwil ang layon ng himagsikan, ay kanilang ipinangaral ang *landas ng matuwid*, ang mga halalan, ang pagtulong sa mga pangkatin, na di umano'y mga kapanalig din, at sa ganitong

laging masusupil at di makatitighaw sa pananalat, kundì bagkus lalong mababaon sa pagkaalipin. Kayà nga't itala ninyong mabuti sa alaala, na ang kaunaunahan nating gagawing paraan, ay ang alisan ng mga yama't pagaari ang mga ginoó, at kapag di gayon, ay di maaayos ang sangkatauhan.

Hosé.—May matuwid ka; iyan nga'y naiulat mo na sa akin. Dápuwà't ¿páano naman ang ibig mo? Ang mga bagay na iya'y bagongbago sa akin, at di ko mapaghulòhulò. Akó'y paliwanagan mo pa kung páano ang ibig ninyo sa pagaayos. Ang mga yama'y ating sasamsamin sa mga ginoó, ngayó'y ¿paanong ating gagawin diyan? ¿hindi ba natin pagbabahagibahagin ang nauukol sa bawà't isa?

Horhe.—Hindi pò; dapat pa nga ninyong mabatid, na sakaling may maringan kayong magsalitá na ang aming linalayo'y ang pakikibahagi, na ang ibig nami'y makihatì sa yaman ng sa gayo't ganitong paraan, ay asahan ninyo na ang taong yaon na inyong kinaringan, ay isang taong mangmang ó isang matakaw.

Hosé.—Kung gayo'y ¿páano ang ating gagawin? Walà akong nawawatasan diyan.

Horhe.—Walà pò namang kahirapang watasan; ang adhikà pò nami'y iukol parà sa lahat ang lahat ng yaman at pagaari.

Sa ganitong simulain kami nagsimulà: na ang lahat ay nararapat gumawà at ang lahat ay nararapat guminhawa. Sa mundo'y hindi mabubuhay ang tao, kung walang gagawà ó kilos; kayà, sakali't ang isang tuso'y nagpapalaki lamang ng tiyan, ay sapagka't nabubuhay naman sa pawis ng ibá, at sa ganitong pangyayari'y totoong masamá at makasasamá pa. Dapat unawain, na ang sinambit kong *lahat ay nararapat gumawà*, ay nauukol lamang doon sa malalakas at makagagawà.

Ang mga lumpó, mga mahihinà, mga matatanda, ay nararapat pakanin ó bigyang búhay ng katauhan, pagka't isang kawanggawà ó gawang pagpapakatao ang mahabag at huwag batahin sa hirap ang isang tao ng kapuwà tao; at sakà ang lahat ay magsisitandà, magsisihinà ó maaring maging salantà rin balang araw, na kung páano ang mangyayari sa atin ay gayón din ang sa ating mga anak.

Kayà, kung inyong mapaglilimilimì, ay maliwanag ninyong mabatid na ang lahat ng kayamanan, ó ang lahat ng bagay na kagamitan ng tao, ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang isang bahagi'y iyang nauukol sa mga lupa, mga makina at ibá pang mga kagamitan sa paggawà, gaya ng bakal, ng kahoy, ng mga bató, ng mga sasakyán atb.; ang lahat ngang ito'y to-

toóng kailanġan sa paggawâ at dapat maukol parâ sa kalahatan, upang magamit na gaya nġ mġa kasangkapan ó bagay sa paggawâ. Tungkol sa kung páano ang mainam na paraán sa paggawâ, ay sakâ natin malalaman. Nġuni't ang magaling ay gumawâ sa pamamagitan nġ tulongtulong, pagka't sa ganito'y kakaunti ang pagal at marami pa ang magagawâ; halos ay totohanan nang maituturing na ang ganitong paraán sa paggawâ'y maiibigan sa boong mundó, palibhasâ'y ang pagiisa nġ isang tao sa paggawâ ó ang pagkakatiwalagan nġ mġa manggagawâ'y nakapaguudyok tulóy na katakutan nila ang tulong na maibibigay nġ isang mákina, na nakababawas nġ pagod sa kaparaanáng magaán at kawiliwili; at sakâ, palibhasâ, kapag walâ nang pagbabaka si pamumuhay ang mġa tao, sa makatuwid bagâ, gaya nġ mġa aso't pusâ, ang mġa tao'y lubhâ nġang magagalak sa sinapupunan nġ pagkakaisa at sa pagpapalaganap nġ mġa paggawâng tulongtulong. Walâng taong dí naghahanġad nġ kagaanan sa paggawâ, kahi't na ibigin niya ang gawâng pamumukuran, kahi't saáng lugal at sa páano mang paraán. Ang pinakabuod nitó'y walâ nang mabubuhay sa katamaran upang umalipin sa ibâ, pagka't ito'y hindi na mangyayari, sa dahilang kapag natatantó rin lamang nġ bawâ't isa ang kanilang matuwid sa paggawâ, sino ma'y dí na mahahalinang pabusabos pa.

Ang ikalawang bahagi'y nauukol sa mġa bagay na tiyak at kagamitan nġ tao, gaya nġ pagkain, pananamít at pamamahay. Ang lahat nġ mġa bagay na ito'y nararapat sanang mápatunġo agadagad sa kalahatan at mapaghatihatì nġ sa katamtaman, hangang sa bagong pagaani at hangang sa ang mġa pagawâa'y makagawâ nġ mġa bagong yari. Ang lahat nġ mġa bagay na ito na mangyayari, pagkatapos ng himagsikan, ka pag walâ nang nátirang mġa tamad na panġinoón, na nabubuhay sa pagod nġ mġa manggagawâng dayukdok sa gútom, ay baba haginín, susog sa kaibigán nġ mġa manggagawâ sa bawat bayan. Kung hanġad nġ mġa ito na gumawâ sa pamamagitan nġ tulongtulong at ang mġa magagawâ'y maukol din parâ sa lahat, ay lalòng mabuti: sa makatuwid, ay pagsisikapang mataya ang lahat nġ magagawâ, upanding masagutan ang kailanġanín nġ lahat, gayón din nġ sa mġa paggamit ó panġanġailangan, upanding makabuhay nġ ganap sa lahat ang madlâng mayayari.

Kung dili kayâ'y isaalangalang naman ang mġa sukat magawâ nġ bawâ't isa, upanding mabilang ang kabuuán nġ bagay at halagâ nġ nagawâ nila. Ito'y isang pagtayang napakaselan; kayâ't maituturing tulóy na hindi sukat mangyari; dátapuwâ't ang ibig sabihin nitó, kapag nakita

gay diyang mġa mangmáng, mġa ulól ó mġa matatabil; dátapuwâ't nġayó'y laganap na ang layuning iyan sa marami, at ang mġa dukhâng datidati'y nagtitiis sa kahirapan ó kung nakapagbabalikuwas ma'y dahil sa kagutuman, kahit walâng kinalaman sa mġa bagaybagay at sa mġa lunas nġ kasamán, na nanatay ó silasila'y nagpapatayan, dahil sa mġa ginoó; nġayon, ang buóng mundó'y kumikilos na, sila'y nanġagkakaisa. At naghihimagsik, alangalang sa layuning makalayâ sa mġa panġinoón at sa mġa pámahalaán, at dí na umaasa, kundí sa kanilang sariling mġa lakas na lamang, sapagka't sa wakas, ay kanila nang natantó na ang lahat nġ mġa kakamping pinamumunuan nġ mġa ginoó'y pawâng mġa kaaway rin.

Pagsikapan natin ang pagpapalaganap sa mġa sandalíng itong napa-panahon; magsamasama tayong lahat na nakakaunawâ nġ súliranin; pagalabin natin ang apóy sa gitná nġ bayang manggagawâ, samantalahin natin ang lahat nilang dí kasiyaháng loob, mġa kilusán, at mġa kaguluhan; magbigay tayo nġ isang matinding palò yaong mabilis at walâng takot-takót, at madalíng madalíng lalagpak sa lupâ ang nanġagpapalalúang mġa gusaling-burgés. At siyang pagkatayó nġ kaharián nġ kalayâan at nġ ganap na kaginhawahan.

Hosé.—Magaling; nġuni't huwâg nating malilimot ang isang bagay bago gawín ang anó man. Ang pagkuha nġ mġa kayamanan sa mġa ginoó ay madalíng sabihin; subali't may mġa kawal, mġa pulés, *guardia civil*. Nġayong nagugunitâ ko ang mġa ito, akó'y pinanglalamigán nġ takót sa mġa tanikalâ at sa bilangúan; ang mġa kanyón nila'y ginawâ ukol sa bagay na iyan, upang maipagtangol ang mġa ginoó, at hindi sa anó pa man.

Horhe.—Iya'y talastas na, kaibigan kong mang Hosé, na ang mġa pulés at ang hukbó ay upanding makatanikalâ sa bayan, at nang mapapanatag ang katahimikan nġ muġa ginoó; dátapuwâ't kung sila'y mayroón mang mġa baríl at kanyón, ay hindi nanġanġahulugán na ang himagsikan ay gaganapin nġ walâ tayong kaanóanó man sa kamay. Totoóng bihasâ tayong mamaríl, at sa pamamagitan nġ mġa agap at liksí ay mapagsisikapang natin ang ikapananagumpay. At sakâ may pulburâ, may dinamita at ibâ pang bagay na nunutok, mġa bagay na panunog at ibâ pang mġa kagamitán, na kung sa mġa kamay nġ pámahalaán ay nagagamit na panali sa bayan sa kaalipnán, sa mġa kamay nġ bayan naman ay magagamit na pangtuklas nġ kaniyang kalayâan. Ang mġa panggibâ, mġa pangmina, mġa bomba at mġa panunog, ay pawâng panghadlang sa mġa

Walà ngàng ibang nararapat at maaasahan, gaya nḡ magisip tayong mḡa manggagawà ukol sa ating mḡa pagkabuhay. Tayo’y magsimulâ muna sa ating kapisanan, at sa ating mḡa kahanap-buhay, na lubhâ nating nanḡakikilala, at pagkatapos, ay makipagkaisâ tayo sa mḡa manggagawà sa ibang bayan at ibang mḡa hanap-buhay, hindí lamang sa Italia, kundí sa buóng mundó; sapagka’t ang lahat nḡ tao’y pawàng magkakapatid, at ang kanilang adhikâ’y nagkakahulugan nḡ pagiibigan at pagtuwanḡan nḡ isa’t isa. Hindí pô kayâ gayón din, sa palagay ninyó?

Hosé.—Akó’y nakukuha mo na. Nḡuni’t sa mḡa manglalasing, mag-nanakaw at masamàng tao, páano ang pagpaparusa?

Horhe.—Ang una kong maisasagot sa inyo ay ito. Kapag walà nang kaimbihán at kamangmanḡán, ang lahat nḡ yao’y mapaparam na rin. Nḡuni’t kasakdala’y magkaroon man nḡ manḡisánḡisâ, ¿ay dahil kayâ rito manḡanḡailangan tayo nḡ pámahalaán at nḡ mḡa pulés. ¿Tayo pô kayâ’y kulang pang maglagay nḡ guhit sa sino mang hindí magpitagan sa ibá? Hindí natin sila pipiitin, gaya nḡ pagpaparusa nḡayon sa mḡa salarín at walà mang sala; nḡuni’t ilalagay natin ang mḡa ito sa mḡa kapalagayang hindí mapapanḡanib, at gagawin natin ang mḡa paraáng ikapagbabalik sa mainam na landasin.

Hosé.—Gayon nḡâ; kapag naganap na ang sosyalismo, ang lahat ay masisiyahan at maliligaya, at pawàng mapapawi na ang mḡa kaimbihán, pagtataniman, panibughán, pagkalugmok sa kahalayan nḡ mḡa babayi, mḡa digmáan at kalinsilán.

Horhe.—Aywan ko pô, kung hangang saán ang maábot na ligaya nḡ katauhan; nḡuni’t akó’y umaasa na tayo’y mabubuhay nḡ lalòng mabuti kay sa datí, magiisíp tayo nḡ paraáng ikahuhusay at ikabubunsod na lalò sa pagkasulong. At ang mḡa kagalinḡa’y dí na mauukol, gaya nḡayon, sa kapakinanḡán nḡ ílan at sa pananalat nḡ marami, kundí sa kapakinabangán na nḡ lahat.

Hosé.—¿Kahimanawari! Nḡuni’t ¿kailan pa kayâ mangyayari iyan? Akó’y matandâ na; nḡayong nauunawàan kong ang mundó’y hindí mag-papatuloy nḡ tulad sa nḡayon, akó’y namamanglaw na mamatay nḡ hindí ko nasihilip ang isang araw man lamang nḡ katarunḡan.

Horhe.—¿Kung kailan pa? Ito ang hindí ko masabi sa inyo. Iyan pô’y nasa sa atin din; kung gaanó ang pagsisikap nating mabuksan ang mḡa matá nḡ marami, ay lalòng mapapadalí ang pagsapit nḡ araw na yaón.

Isang maayos na landas na ang nabuksan at nadaraanán. Nang mḡa kararaáng taón lamang, kapag iniaaral ang sosyalismo, kami’y ipinalala-

na ang kapinsalàan sa pagbaba hagi sa mḡa kaniyahan, ay pakakaibigin nang maluwag sa loob ang adhikáng pará sa lahat.

Alin mang paraán ang ibigin, ay totoóng ayos na ang mḡa unang bagay na kailanḡanín nḡ tao, gaya nḡ tinapay, nḡ mḡa bahay, tubig, atb., ay mápasakamay nḡ lahat, upang maging malayà sa bilang nḡ magagawà ang lahat nḡ tao. Sa anó’t páano man ang magalingḡing pagaayos, ang mḡa pagmamanahá’y hindí na maparíral, sapagka’t hindí wastó na sa pagsilang nḡ isang tao’y mamulat sa kasaganàan, at ang iba nama’y sa gútom at sákit; na ang isa’y ipanḡanak sa kayamanan, at ang ibá nama’y sa karalitaán, at ang kasakdela’y pairalin ang pakanâ na ang bawà’t isa’y makapangyariha’t may-ari nḡ lahat nḡ kaniyang pinagpagalan, na, sa makatuwid, ay mangyayaring makapagtipid sa kaniyang sarili, subali, pagkamatay niya, ang lahat niyang tinipid ay nararapat ding maukol pará sa lahat.

Ang lahat nḡ batà’y nararapat papagaralin at paturùan, sa pamamagitan nḡ gugol nḡ lahat, upanding mahikap ang ikalalagó nḡ katalinuhan at kakayahán nḡ mḡa ito. Kapag nawalâ ang bagay na ito’y walà ring katarunḡan at pagpapantay pantay; walang salang dí malalabag ang simulàin nḡ katuwiran nḡ bawà’t isa sa mḡa kasangkapan nḡ pag-gawâ; pagka’t ang pagkatuto, ang lakas nḡ katawa’t paguugali, ay pawàng kasangkapan nḡâ nḡ paggawâ, at ang *ibigay lamang sa lahat ang lupà at mḡa mákina*, ay bagay na dí sapat, kundí rin lamang mapagsisikap na ang lahat ay mápaanyó sa isang kalagayang sukat nang makapanḡasiwa sa naturang mḡa lupà, mákina atb.

Tungkol sa mḡa babayi’y hindí ko ibig magsalitâ, sapagka’t sa ganang amin, ang babayi’y nararapat ding mápapantay sa mḡa lalaki; at kapag ang nananalaytay sa aming mḡa dilà’y ang salitang tao, ang pakahulugan nami’y isang katawang tao, at dí na tinitingnan kung ano pa ang kaniyang pagkataro.

Hosé.—Gayon ma’y mayroón ding isang bagay. Kunin sa mḡa ginoó ang mḡa pagaari na kanilang ninakaw at ginagá sa kawawang mḡa tao, ay magaling; dátapuwâ’t kung ang isang ginoó, sa pamamagitan nḡ kaniyang sikap at pagiimpok, ay nangyaring nakapagtipon nḡ salapí, bago nakabilí nḡ isang lupaín ó kayâ nakapagbukas nḡ isang tindahan, ¿sa páanong pagmamatuwid ninyó makukuha ang mḡa bagay na iyan, mḡa bagay na bunḡang tunay nḡ kaniyang pawis?

Horhe.—Ang bagay na ito’y totoóng napakaselan, sapagka’t kung sa sariling batak nḡ butó, sa bunḡang sarili nḡ pawis, samantalang ganyan

na ang pagsakal sa atin n̄g m̄ga mamumuhunan at n̄g pámahalaán, ay dí makapagtítipid ó, maka pagiimpok ang sino man; katunaya’y marahil ang sarili na rin ninyong kalagayan: na kung ilan p̄ng taón na kayóng waláng humpay sa paghahanap-buhay ay ganyan at ganyan din ang inyong anyò, dukhá at dukhá rin, ka paris din n̄g dati. At saká, nasabi ko na n̄gá sa inyo na ang lahat n̄g tao’y may karapatan sa m̄ga pinakapan̄gulong bagay sa pamumuhay, gayon din sa m̄ga kasangkapang kailan̄gan natin sa paggawá; kayâ’t kung ang isang tao’y may isang lupáin, samantalang ito nama’y pinan̄gan̄gasiwáan at ginagawán n̄g sarili niyang m̄ga bisig ay lubos siyang makapagtítipid, at makapaggagawad sa kaniya n̄g m̄ga kailan̄ganín gaya n̄g m̄ga *guano* at ibá pang mangyayaring pakinabangan sa lupà. Totoó n̄ḡang kailan̄gan na ang lahat n̄g magagawa ó bun̄gang pawis n̄g m̄ga tao’y maūkol pará sa lahat; dátapuwâ’t upang maganap ang bagay na ito’y walá nang kailan̄gang pilitin pa ang sino man, sapagka’t *ang tunay na ring adhika sa lahat; dátapuwâ’t upang maganap ang bagay na ito’y walá nang kailan̄gang pilitin pa ang sino man, sapagka’t ang tunay na ring adhika sa ikatutubos** ang siyang makapaguudyok sa m̄ga tao n̄g gáwain panglahat. Sa pamamagitan n̄g m̄ga pagaari’t paggawang panglahat ay lubh̄ang mapapaayos tayo kay sa gumawâ n̄g magisa, lalò na’t kung isasaalangalang natin ang naibibigay na tulong n̄g m̄ga bagong tuklas na mákina, ay lumalabas na ang m̄ga paggawang pagiisa ó pamumukuran ay lubh̄ang napakahirap at walang saysay.

Hosé.—¡Ah! ¡Ang m̄ga mákina! ¡Kung mangyayari’y dapat pa n̄gang pagsunugin! Ang m̄ga mákina ay siyang sumasalot sa m̄ga bisig at siyang umaagaw sa m̄ga gagawin n̄g m̄ga dukhá. Dito lamang sa kabukiran ay mangyayari nang makaasa. bawâ’t pagdatal n̄g isang mákina, ay isang pagbabawas na sa aming m̄ga kíta, isang malaking pagbabawas na rin sa bilang naming m̄ga magsasaká, at ang masawí ritong mangabawas, ay walang salang dí patutun̄go na lamang sa pagkamata’y n̄g gútom sa ibang lupalop. Sa siyudad ay lalò pang masahol, marahil. Subali, kung walá iyang m̄ga mákina, walang salang dí man̄gan̄gailangan n̄g maraming bisig ang m̄ga ginoó, at sa ganito’y may malaking kagaanán ang ating pamumuhay.

Horhe.—May matuwid kayó, mang Hosé, sa inyong pananalig na ang m̄ga mákina’y isa sa m̄ga sanhi n̄g kaimbihán at pagkamahal n̄g m̄ga gagawin; dátapuwâ’t ito’y nangyayari, sa dahalang ang m̄ga mákina’y nasa sa kamay pa n̄g m̄ga ginoó. Kung ang m̄ga mákina’y mápasa kamay na n̄g m̄ga manggagawâ, ay ibá naman ang mangyayari: ang m̄ga mákina

gayóng ang nagagawang masamá n̄g isang bayang pabayâ ay walá ni sa ikasanglibong bahagi n̄g sa lalóng mabuting pámahalaán. Upang matutong lumakad ang isang batâ, kailan̄gang siya’y palakaring magisa at huwág sisindakin sa m̄ga pagkadapâ at pagkatisod na karaniwan.

Hosé.—Siya n̄gá; n̄guni’t upang makalakad ang batâ ay nan̄gan̄gailan̄gan muna n̄g lakas ang m̄ga hità, ó kung dili kayâ’y nararapat munang manatili sa m̄ga bisig n̄g Iná.

Horhe.—Siya p̄ng totoó; n̄guni’t ang m̄ga pámahalaá’y hindi maihahambing sa isang Ina, sapagka’t ang m̄ga yaó’y hindi nakapagpapaginhawa ni nakapagbibigay lakas sa isang bayan. Napakatumbalik. Ang lahat n̄g m̄ga pagkasulong n̄g tao ay natutupad halos sa tuwítuwí na, kahit sa ilalim n̄g bigat n̄g m̄ga pámahalaán. Walang ginagawí ang m̄ga ito kundí batasín ang lahat n̄g inaakalang kailan̄gan at nilolob, kung minsan, n̄g karamihan, bago hahaluan n̄g m̄ga diwang pananakóp ó pangangalakal. May m̄ga bayang nan̄gun̄guna at dili sa pagkasulong; subali, sa alin mang panahon n̄g kabihasnán, kahit na n̄g sa unanguna pa, ang maititingin n̄g isang bayan sa tunay na m̄ga karapatán at kabuhayan niya ay dí magagawâ n̄g alin mang pámahalaang nan̄gan̄gasiwa sa kaniyâ.

Inaakalâ ninyó, alinsunod sa masid ko, na ang pámahalaá’y binubuó n̄g m̄ga taong matatalino at may m̄ga kayâ. Ito po’y walang katotohanan, sapagka’t ang totoó, lahat n̄g pámahalaán ay binubuó, sa tiyakan, ó sa pamamagitan n̄g m̄ga kinatawán, n̄g m̄ga lalóng mapipilak. At kasakdala’y gaya na n̄g inyong pagkatalos. ¿Sa akalâ ba ninyó, ang m̄ga taong matatalino ay magpapakabait, dahil sa hawak nilang kapangyarihan? Yaóng lalóng may m̄ga kayâ ay napagigitnâ n̄g sa bayan, ginagamit ang dunong sa ikagagaling n̄g bayan at laging alinsunod sa m̄ga kasiglahán nito. N̄guni’t kapag sila’y na sa pámahalaán na; kapag dí na nila naaalumana ang m̄ga kailan̄ganín n̄g bayan; kapag naántala na sila sa m̄ga bun̄ga n̄g polítika, ó kayâ’y sa imbot nilang maipagtangol na ang kapangyarihan, higit sa m̄ga karapatán at tunay na kailan̄gan n̄g pagsasamahán; kapag sila’y naging mangagahasâ na, sa kakulan̄gan n̄g sariling siglá at kagandahang loob; kapag sila’y natagtag na sa hanay n̄g kasiglahan at sila’y napalipat sa bilang n̄g m̄ga taong may katan̄gian, upang makapaglagdá n̄g m̄ga batás ó kautusan tungkol sa m̄ga bagay na dí man nila natatalos nang bago sila man̄gagkatungkol; ang lalóng mabubutit may ganap na kayang naturan, ay magiiba na n̄g uri, sa pagaakalang sila’y matataás, at kung makaalaala man sa bayan, ay kung may pinipita na lamang dito at kinakailangan.

ito; sapagka't siya'y nakapagbuhos n̄g dugô pará sa ibá, samantala ang kaniyang pamumuhay ay masahol pa kay sa dati.

Sapagka't maminsanminsang ang baya'y naghihimagsik at nagtatagumpay naman, kailanġang sa m̄ga sumandaling ito'y matutong magsamantalá rin at pang maisagawâ agad ang socialismo. Huwag makinig sa anó mang pangakò, kunin agad ang m̄ga kayamanan, ang m̄ga bahay, ang m̄ga lupà at m̄ga págawàan. Ang magsalitâ n̄g sa repúblika'y dapat ipalagay at kilanlín na parang kaaway, at kung hindi'y muling mangyayari ang katulad n̄g sa 59 at 60.

Kakaunti ang halagá n̄g m̄ga salitâ, anaki; n̄guni't sa pamamagitan n̄g salitâ, kayâ nila nabibirò at nadadayà ang bayan.

Hosé.—May katuwiran ka; kung makáilan na n̄gâ tayong mangaulól. kailanġang pakabuksan nating mabuti ang m̄ga matá, nang hindi tayo mangaulit.

N̄guni't kinakailanġan ding magkaroon n̄g isang pámahalaán. Kung walâ nang isang makapaguutos ¿sa páano lalakad ang m̄ga bagaybagay?

Horhe.—¿At bakit sila ang maguutos sa atin? ¿at tayo pò ba'y hindi makapagaayos n̄g alinsunod sa ating m̄ga pagkabuhay?

Kailan man, ang isang naguutos ay nagimbot ukol sa kaniyang kaluwagán at pagkabuhay, at maging sa kamangmanġan man ó sa kasamán, ay nakapagtataksil din sa bayan. Ang kapangyarihan ay naka pagpapahamak sa lalòng mababait. Sakâ, kinakailanġan na ang m̄ga tao'y huwág nang matulad sa isang kawan n̄g m̄ga tupa, at nang sila'y makapagisíp at magkadamdamin sa pamamagitan n̄g kanilang m̄ga dangal at lakas. Iyan ang pangunahin naming matuwid, kayâ ði namin ibig na kami'y pagutusán pa. Ang paguutos n̄g isa ay nakapagtuturò sa ibá n̄g pagmamasunurin, kayâ't kasakdala'y magkaroon tayo n̄g isang mabuting pámahalaán, ito'y lalòng magiging magahasà at lalòng pasláng kay sa isang pamahalaáng masamá; sa loob n̄g kaniyang pamamahala, ó n̄g m̄ga sumusunod na kahalili niya ay tila napakagaán pang hagkisín ang kalagayan n̄g bayan kay sa mabawi ang bunġang natutuklasan noón, na siyang ikabubuhay na mulí n̄g m̄ga pagtatanġitanġi at pangaalipin.

Upang maturuan ang bayan n̄g ukol sa kalayàan at paggamit n̄g kaniyang m̄ga karapatán, kailanġang siya'y bayàang magisa, bayàan siyang managot n̄g kaniyang gáwain, maging sa mabuti't maging sa masamá. Walang salang may magagawáng masamá ang iba, at marahil ay napakalimit pa, dátapuwâ't sa m̄ga hirap na daranasin ay matatantó n̄g bayan na siya'y nagkamali, at sa ganito'y magpapanibagong landas,

ay siyang pinakamalaking bagay na makapagpapaginhawa sa katauhan. Para na ninyong nakita, ang m̄ga mákina'y pipihit ó makayayari n̄g napakabilís pará sa ating lahat. Sa pamamagitan n̄g m̄ga mákina, ang tao'y hindi na manġanġailangang gumawâ pa n̄g maraming oras upang matugunan ang kaniyang m̄ga kailanġanín, at ði na siya masisikil sa m̄ga gawáng mabibigat na lubhâng nakauubos n̄g katutubòng lakas n̄g tao. Kung ang m̄ga mákina'y magamit sa lahat n̄g págawàan at pawáng manġ sa kamay n̄g lahat, ay maaluwán nating magagampanan sa kaunting oras lamang n̄g paggawâ, mabilís, malinis at kaayaaya ang lahat n̄g kailanġanín n̄g tao, at ang lahat n̄g tao ó ang bawâ't manggawâ'y magkakapanahong magaral, magpaunlad n̄g pakikipapuwâ, sa isang salita'y mabubuhay at lalapas n̄g lahat n̄g bagay na natutuklasan n̄g dunong at n̄g kabihasan. Kayâ, n̄gâ, unawain ninyong mabuti, na hindi nararapat at ði kailanġang iwasak ang m̄ga mákina, kundí ang marikit ay arin natin ang m̄ga ito. At sakâ, huwág ninyong makaligtaán: ipagtatangol n̄g m̄ga ginoó ang kanilang m̄ga mákina, ó sa lalòng maliwanag na salitâ, talagang ang m̄ga ginoó'y magatangol sa kanilang m̄ga mákina laban sa sino mang may hanġad na lumansag, gaya n̄g magagawâ nila sa bawâ't magnasang kumuha n̄g m̄ga yaón; sa makatuwid ay gayón din ang mangyayari. Kayâ't maituturing na isang kabanġawan ang paglansag sa lugal na kunin ang m̄ga mákina. ¿Mapagpapahamakan ba ninyó kayang patayin ang m̄ga pananím at iwasak ang m̄ga bahay, na kung sa lugal nitó'y makaiisip tayo n̄g lalòng magaling na paraang ipagiging sa lahat? Marahil ay hindi. Kayâ, gayón din naman ang nararapat asalin sa m̄ga mákina, sapagka't kung ang m̄ga mákina, sa kamay n̄g m̄ga panginoón, ay kaimbihán at pangbubusabos, sa ating m̄ga kamay naman ay ibá, kayamanan at ganap na paglayà n̄g lahat.

Hosé.—N̄guni't upang magampanán ang adhikang ito, ay kailanġang gumawâ tayong lahat n̄g buòng kusà, ¿hindi ba?

Horhe.—Oo, pò.

Hosé.—¿At kung mayroong ibig mabuhay n̄g walang kagawágawâ? Ang gawáng nakapapagod ay napakahirap, at ang gawáng ito'y talagang tinatangihan patí n̄g m̄ga aso.

Horhe.—Pinagkakamalan ninyó ang pagsasamahan ngayon n̄g m̄ga tao sa pagkatapos n̄g ganap na himagsikan. Aniyó'y ang gawáng nakapagod, ay tinatangihan patí n̄g m̄ga aso. ¿N̄guni't makatatagal ba kayó sa isang araw na walang gawáng kaanoanó man?

Hosé.—Akó’y hindi, sapagka’t pinagkaugalian ko na ang magpatigis nḡ pawis, at kapag walâ akóng magawāng anó man, ang asa mo ba’y nararamihan na akó nḡ kamay; dátapuwâ, marami rin naman ang nakatatagal sa buóng maghapon sa mḡa barikan, at nagsusugal ô nagpapainít lamang nḡ araw sa mḡa lansanḡan...

Horhe.—Sa nḡayo’y tunay; nḡuni’t pagkatapos nḡ himagsikan ó pagbabagong ayos nḡ katauhan ay dí na mangyayari, at ito’y maipaliliwanag ko sa inyo kung bakit. Ang paggawâ nḡayo’y totoóng napakahirap, hindi wastô ang pagbabayad sa manggagawâ at sila’y alimura pa. Ang mḡa nagpapatulô nḡayon nḡ pawis ay dapat mamatay sa kapagalan, mamatay sa gútom, pagka’t ang kapalagayán nila’y parang hayop. Ang isang manggagawâ’y walāng kapagapagasa, liban sa kaniyang natatalos na kahahan-tunḡang ampunang-bahay, kung dilì kayâ’y sa bilangúan. Hindi makat-inging mabuti sa kaniyang mḡa anák, walāng malasap na kaligayahan sa búhay, kundì ang dumanas nḡ lalò’t lalòng kadustaán. Nḡuni’t ang hindi gumagawâ, ang dí natitigisan nḡ isang patak mang pawis sa paggawâ, ay siyang lumalaspap nḡ lahat na kaginhawahan, at siya pang tinitingalâ ’t iginagalang; lahat nḡ kapurihán, lahat nḡ kaaliwán ay parâ sa kaniya. Sa kapuwâ mḡa manggagawâ na ri’y nangyayari: na kung sino ang hindi gumagawâ nḡ gaanóng kabigat, ay siyang sumasahod nḡ malakilákì at siya pang kinagigiliwan. Kung gayo’y ḡanóng ipagtataka ninyo na manghinawâ at tamarín ang tao sa paggawâ.

Dátapuwâ, kapag ang paggawâ’y naisalig sa kaparaanang maayos at kaayaaya, sa lalòng madaling panahon, sa tulong na maidudulot nḡ mḡa mákina; kapag nalirip nḡ mḡa manggagawâ na sila’y gumagawâ sa kapakinabanḡán nḡ lahat, sa kaniyang ának at sa ibá pang mḡa tao; kapag ang paggawâ’y nagkaroon na nḡ katuturán na siyang ipagkakapuri sa madlá, at ang dí paggawâ ó pagpapalaki nḡ tiyan nḡ isang tao’y pangdidirihan nḡ kapuwâ tao, gaya nḡ panginḡilag sa mḡa tiktik at mánḡanḡanlong, ay sakâ ninyó isumbat sa akin kung sino pa ang manḡanḡahas na lumayó sa ikalulugod at ipagiging dapat nḡ sarili sa madlá, upang ma buhay sa dí pagkilos, na totoóng nakasisirâ nḡ katawan, maging sa paguugali?

Nḡayon man, matanḡi sa ilan, lahat nḡ tao’y nanḡinḡilag sa hanap-buhay na paniniktik. Nḡuni’t kapag pinasukan ang hamak na hanap-buhay na ito, ay pinagkakakitaan nḡ marami kay sa magbungkal nḡ lupâ, at sa kauntí ó walâ mang gáwāng marami, ay páano’t páano ma’y tinatangkilik nḡ pamahalaán. Subali’t mḡa tungkuling nakahihiyâ, walāng puri, mḡa tandâ nḡ pagyurak sa kalinisan nḡ ugali, at

Hosé.—Iya’y talastas na nḡ lahat. Nagtatanong sila sa panḡinoón kung kanino boboto, at siya namang ginaganap, sapagka’t kung hindi gayón, sila’y manḡapapalayas.

Horhe.—Nakita na ninyó. ḡAnong inyong maáantay sa halalang-bayan na ginaganap nḡayon? Ipadadala nḡ bayan ang mḡa ginoó sa Kapulunḡan, at ang mḡa ginoóng ito’y siya namang nakaáalam upang mapapanatili ang bayan sa kamangmanḡán at pagkaalipin, gaya nḡ sa kasalukuyan. Kapag sa repúblika’y hindi masusunod ang mḡa malí nilang pita, ay bahalâ na ang lakas na kanilang hawak upang magpausad sa lahat.

Kayâ nḡâ’t walâ nang lunas maliban sa isa: kunin sa mḡa ginoó ang mḡa pag-aari, upang ibigay na lahat sa bayan. Kapag natatantô nḡ bayan na ang lahat na’y kaniya, at nasa kaniya nang pananagot ang hingil sa kaayusan, alangalang sa ika papanatag niya, makikita ninyó’t siya’y matututong gumamit nḡ kayamanan at gayón din nḡ sa pagiimpok.

Hosé.—ḡMangyari pa! Dátapuwâ’t hindi alám nḡ mḡa magbubukid ang tunay na kahulugán nḡ repúblika, na tulad bagá nḡ iyong paliwanag. Totoóng napakalayo nḡayon ko lamang napagunawâ na yaóng tinatawag naming repúblika ay walāng ibá, kundì ang sosialismong sinasabi mo. ḡNḡuni’t hindi kayâ tayo makapagpapatuloy sa pamamagitan nḡ repúblika? ḡWalāng halaga ang pamagat! Ang kailanḡa’y maganap ang mḡa bagay kung páano ang nararapat.

Hosé.—Tamâ ang inyong sinasabi; nḡuni’t may malaki pong panḡanib. Kung ang baya’y maniwala nḡ maniwala na ang repúblika ay isang bagay na magaling parâ sa kaniya, pagdatíng nḡ araw na siya’y dí na makabatá at gumawâ nḡ himagsikan, ang mḡa republikano’y dalidaling magagalak sa pagtuturing na: kayó’y makapananahimik na sa inyong mḡa dampâ, at isipin ninyó nḡayon ang paghahalal nḡ mḡa diputado, sapagka’t siyang makaáayos nḡ lahat.

Ang bayang mapaniwalaín, na gaya nḡ dati, ay magsasalong nḡ mḡa baríl at magkakasiya na lamang sa mḡa awitan, tugtugan at paggagalak. Samantalang lahat nḡ mḡa ginoó nama’y magrerepublikano; pipilitin, sa pakunuwarí, ang kanilang pusò’y maging arí nḡ bayan; mamimigay nḡ kauntíng salapí, nḡ kauntíng alak at gagawa nḡ mḡa pagdiriwang; magbabayad nḡ mabutíbutí sa mḡa manggagawâ, at sila’y pahahalal na manḡaging diputado, upang mapasakanila rin ang kapangyarihan. Sa kabilà nitó, sa untíuntí, babayāang maparam ang siguwá, sakâ maghahandâ nḡ mḡa lakas na pangtanikalâ sa bayan, at darating ang araw na magsisisi

At sakâ, subók na natin. Marami nang Repúblika ang namalas, at gayón din ang nakikita pa, na masasabing walâ ni anó mang nagagawang kagalingan sa bayan.

Hosé.—¡Aba't anóng narinig ko sa iyo! jat ang paniniwalâ ko pa naman sa repúblika'y ang dapat nating asaling pagpapantaypantay ng lahat!

Horhe.—Gayón ngâ ang sinasabi ng mga republikano, na buhat sa ganitong mga matuwid. Sa repúblika, anilâ, ang mga diputadong naglalagdâ ng mga kautusan, ay pawang halal ng bayan; kayâ't kung ang bayan ay di nasisiyahan sa kanila, ay naghahalal naman ng ibâ, at sa gayóng para'y naayos ang lahat; sapagka't ang mga mahihirap ay siyang pinakamaraming bumubuô ng bayan, sa makatuwid, ay sila ang nakapaguutos. Dátapuwâ't ang totoó, ang nangyayari'y lubhang kaibâ. Ang mga mahihirap, palibhasâ'y mahihirap ngâ, na may kamangmangân at pagkamapaniwalâin, ay naghahalal alinsunod sa kaibigán ng mga kura at ng kanilang mga panginoón, at gayón ngâ ang kasarínlan sa pamumuhay at ang iniaatas ng maliwanag na pagimbot tungkol sa sarili nilang pagkabuhay.

Kung tayong dalawa'y nagkapalad na makapaghanap buhay ng malakílakí at maganap ang ating pagkatuto, ay maáring magkaroon tayo ng ganap na kayâ upang matangkilik ang ating pamumuhay at gayón din ng lakas na maipaghigantí laban sa mga may-ari; nguni't sa bayang manggagawâ ay hindi makaáasa, samantalang ganyan ang kaniyang anyô. Ang halala'y di maitutulad sa himagsikan, na ang isang matapang at matalinong lalaki, ay nakakatimbang ng sangdaang matatakutín, at nakahihikayat pa ng marami, na kung sa kanikanilang sarili lamang ay di makakaisip na maglabán. Sa harap ng halalan ay ibâ. Dito'y mahalagá ang bilang, at samantalang nariyan ang mga kura, mga panginoón at pámahalaán, ang bilang na iya'y sa mga kura, na siyang nakaáalam sa impierno at paraiso; sa mga panginoón, na nagbibigay ó umaagaw ng tinapay sa bala na, at sa pámahalaán, na may lakas ng mga pulés upang maipanindak at mga katungkulan upang maipanggahasa.

Sa isang salitâ, hanga ngayon, ang pinakamalaking bahagi ng mga manghahalal ay pawang mga marálitâ, at gayón ma'y ¿anóng ginagawâ nila kung naghahalalan? ¿inihahalal kayâ ang kapuwâ nilang mahihirap na nagnanasang magtangol, at nakatatalos ng kanilang mga lihim sa pamumuhay?

sapagka't walang ibinubunga kundí pahirap at kasamán, kayâ iniibig pang makapupô halos ng buong mundo ang karukhaán bago ang kawalan ng puri. Tunay ngâ't mayroong mga nguni, mga taong marurupok ang pusô, at parang walang kaluluwa, na minamabuti pa ang pamumuhay walang-puri; dátapuwâ't ang sulirani'y na sa pagpili sa kawalang-puri at sa karukhaán. ¿Nguni't sino kayâ ang sawing palad na magkakamaling magalingin pa ang pamumuhay walang-puri, gayóng kung magpapatulô ng pawis ó gagawâ'y makakaang kagalingan ng lahat at siya'y kalulugdan pa ng madlá? Kapag yao'y nangyari ay maipalalagay nang isang kaululan, pagka't nalalabag sa katinuán ng bawâ't tao.

Huwag kayóng magalinlangan, huwag; ang pagkapoót ng madlá laban sa mga tamad ay tunay na di mawalâ't siyang fíral, pagka't ang paggawâ'y siyang pinakapanulong kailangan ng mga tao ó ng pagsasamahán ng mga ito, sapagka't ang taong tamad ay di lamang makasisirâ sa lahat ng bumubuhay sa kaniya, na di man niya natutuwanan ng anó man, kundí makagigibâ pa sa kawiliwiling bagong pagsasamahán ng mga tao, siya ang magiging kaluluwa ng isang pangkatin ng mga budhing magpapalamig sa pagdaramayan ng lahat, upang mapabalik tayong muli sa pinagdaánan. Ang mga pagpipisan pisan ó kapisana'y gaya rin ng mga tao: umiibig at gumagalang sa lahat ng inaakalang mapapakinabangan, at humahamak at namumuhí sa lahat ng inaakalâ namang makasasamâ. Maáring mangadayâ at kaipalâ'y madadayâ ngâ silang malimit; dátapuwâ't sa bagay nating na paguusapa'y di na mangyayaring mapamali, sapagka't totoóng napakaliwanag, na ang taong di gumagawâ'y kumakain at umiinom sa dugô ng ibâ, at dahil dito'y nakasasamâ sa lahat.

Kayo'y magtipontipon sa isang kapisanan upang masubok ang gawâing panglahat, na ang magiging bunga nitó'y babahagin sa lahat ng pataspatas; sa mga mahihinâ't walang kayâ'y magdadalang habag kayó, nguni't sa isang may kayâ na ayaw gumawâ't nagpapaanod lamang, ay walang sala namang di kayó maiinis; at sa gayo'y marahil maiiwan ninyó ang paggawâ ó mapipilitan kayóng gumawâ ng masukal sa inyong dibdib. Ganito rin ang mangyayari sa malaking pagsasamahán ng mga tao, sapagka't pakailan ma'y talagang nakasasamâ ang matapang na katamaran ng kahit sino.

At sakâ, sa málao't mádalí, kapag hindi napanibulos, dahil sa mga taong yaón, na ayaw gumawâ, бага ma't ito'y inaakalâ kong di mangyayari, ay lalong mapapakadalí ang lunas: itiwalag sa pagsasamahán ang naturang mga tao, at sa ganiya'y mahikap tulóy na mahulog sa kamay ng

lahat ang unang mġa bagay at kasangkapan sa paggawâ, at sa ganito'y mapipilitan silang gumawâ, kapag ibig din lamang na mabúhay.

Hosé.—Akó'y nakukuha mo na..., nġuni't ĳang lahat ba'y magbubungkal nġ lupà?

Horhe.—ĳAt bakit? Ang tao'y hindi lamang nanġanġailanġan nġ tinapay, nġ alak at nġ karné, kundí nanġanġailanġan din naman nġ bahay, mġa damit, mġa daáing maaayos, mġa aklat, sa kabuuán, lahat nġ bagay na nagagawâ nġ mġa manggagawâ. Sakâ, ang sino ma'y dí makagagawâ nġ lahat niyang kailanganín. ĳHindi ba't upang mapagsakahan ang mġa lupà, ay kinakailanġan ang mġa tulong na naibibigay nġ magbabakal, nq anluwagi, na yumayari nġ mġa kailanġang kasangkapan, ang sa minero na tumitibag nġ mġa mina, ang sa *albanil* (anluwagi rin) na gumagawâ nġ mġa malalaking bahay na bató at mġa bahay-tindahan, at gayón din nġ sa ibá't ibá pa? Ang sulirani'y walâ sa pagbubungkal nġ lupà, kundí na sa paggawâ nġ lahat nġ bagay na kinakailangan at gamitin. Ang karamihan nġ uri nġ mġa gáwain, ay siyang makapaguudyok sa bawâ't isa na pumilí nġ namamaigi at naaakmâ sa kaniyang mġa hilig, at sa paraáing ito, marahil, ay mangyayari na, ang paggawâ'y hindi na iindahin nġ tao, kundí parang isang gamot at pagbabatak na lamang nġ kaniyang mġa ugat, sa makatuwid, parang isang aliwang kaakitakit.

Hosé.—Kung gayo'y malayâ ang bawâ't isang makapipilí nġ hanapbuhay ó gáwain magaiibigan.

Horhe.—Siyang totoo; gayón ma'y dapat ding pakapagaralang huwag mápabunton ang mġa bisig sa isang bagay lamang na gáwain at nang dí magkulang sa ibá pa. Sapagka't gumagawâ, alangalang sa kapakinabangán nġ lahat, ay dapat pakasikapin, sa pagnanasâ nġ bawâ't isa, kung páano makatutugon sa mġa bagay na kailanġanín at nang maghari hanga't mangyayari ang nauukol sa ikabubuti nġ madlá.

Kapag walâ nang panginoong umaalipin sa atin nġ dahil sa karirít na tinapay, at walâ na tayong bakíbakí kung anó at sinong makikinabang sa bunġa nġ ating mġa gáwain, ay sakâ ninyó makikita kung páano ang ganap na kaayusan.

Hosé.—Lahat, ang wikâ mo'y maaayos; sa akalâ ko'y tumbalik naman; waláing makakaibig sa mġa gáwain mabibigat, kundí bagkus ang mangaiibigan pa nġa nila'y ang pagaabogado at pagdodoktor.

Kung gayo'y sino pa ang magbubungkal nġ lupà? ĳSinong manġanġahas na isapanġanib ang buhay sa kailaliman nġ mina? ĳSino pa ang magkakamalíng lumusong sa nagdidiliman at nagbuburakang mġa balón?

sangdaling mapalad ay mapasa atin ang mġa lakas, ay alisin natin agad ang mġa pagaari sa mayayaman, at sa gayo'y mawawalán na ang mġa ito nġ ka paraanán upang maibalik ang mġa bagay sa pinanggalingán.

Hosé.—Nakuró ko na. Kinakailangang gumawâ nġ isang mabuting *repúblika*. Lahat ay pantaypantay, at sakâ, kung sino ang gumawâ ay siyang kumain, at ang hindi, ay magkamót nġ tiyan... Ang dinaramdam ko, akó'y matandâ na. Maligaya kayóng mġa kabatâan na makakamalas nġ maligayang panahon.

Horhe.—Dahandahan kayó, matandang kaibigan. Pinagkakamalan ninyó ang *repúblika* sa himagsikang panglahat; at sa makatatalos nġ inyong ibig sabihin ay mayroón kayóng lubos na matuwid. Nġuni't namamali kayó nġ pagbibigkas, sapagka't ang repúblika'y hindi nagkakahulugan nġ gaya nġ inyong pagkatalos. Itanim ninyó sa alaala, na ang repúblika ay isang pámahalaán na gaya rin nġ sa nġayon, maliban sa lugal nġ hari ay presidente, ó kung walâ nito, ay buóng namamahala ang mġa ministro. Kapag waláing hari, ang pámahalaán ay tinatawag na repúblika, kahit't siya magkaroon nġ mġa inkisision, mġa pahirap, mġa pangaalipin. Kung sa kabilâ nitó'y ibigin ninyó ang repúblika, gaya nġ ibig nilang gawin sa Italia, sa pagaalis nġ hari ay mairaragdag ninyó ang sumusunod: na ang dalawang kapulungán, ay maging isa lamang, ito'y ang sa mġa diputado.

At walâ na, sapagka't ang ibá pa, gaya sa halimbawâ, nġ pagaalis nġ mġa kawal, pagbabawas nġ mġa pasaning-bayan, pagkakaroon nġ maraming páaralan, pagtatankilik sa mġa mahihirap, ay pawang mġa pangakong napapakò, kung hindi ibig nġ mġa diputado. Tungkol sa manġanġakò'y hindi kailanġang ito'y maging republikano, sapagka't nġayon man, kapag pinakapipita nġ mġa kandidato na sila'y manġahalal, ay ipinanġangakò ang lahat, at kapag nanġahalal na, makita ka man, ay walâ nang máalaala.

Bukod sa roó'y pawang bunġanġa lamang, samantalang may mayayaman at mġa mahihirap, ay talagang nasa paguutós ang mayayaman. Maging repúblika ó kaharián man, kung ang pátakara'y mababatay sa mġa pagmamay-ari nġ tao, ay waláing maiiba sa pagsasamahán, kundí yaón at yaón din. Ang mġa pagpapanġagaw ay siyang makapaghahari tungkol sa mġa kalakal; ang mġa pagaari'y mahuhulog sa ílang kamay; ang mġa mákina'y maipapalit sa maraming manggagawâ, at ang bayang mahirap ay gaya nġ nabangit ko na sa inyo, na mamamátay nġ gútom ó manghihingi nġ limós.

pas at lilipas bangang sa Toscana ang panuntunang yaón, sapagka't ang mga may-ari ay lalóng nakikinabang sa pagpapagawâ, sa pamamagitan ng arâw. Ngayon, bukod sa tulong ng mga mákina, sa tulong ng dunong-pagsasaka, at sa mga aning nagbubuhay sa ibang lupaín, ang pagpapagawâ ng arâw sa mga mangagawâ, ay isang malaking kailangan parâ sa mga may-ari, at ang hindi sumunod agad sa ganitong pamamaraan, ay mahuhulog sa pangungulugi, gawa ng mga pagpapanagawân sa kalakal.

Sa kabuuán, upang dí pálawig na lalò, kung magpapatuloy ang umiiral na panuntunan, ay sasapitin ang mga sumusunod na bagay: na ang mga arî ay lalóng mahulog arawaraw sa kamay ng ílan, at ang mga manggawâ'y lalóng palabuyin sa lansangan ng mga mákina at ng lalóng matuling paraán sa paggawâ. Sa ganyang paraán, magkakaroon tayo ng ilang ginoóng may-ari ng daigdig: kaunting manggagawang sapat magamit sa mga mákina, at kaunting alilà at kawal na makapaglilingkod upang makapagtangol sa mga ginoó. Ang bayang manggagawâ'y mamamatay ng gútom, ó mabubuhay sa panghihingí ng limós. At nagsisimulâ na ang malungkot na bagay na ito. Ang mga mumunting págawâan ó pinagkakabuhayan ay pumapanaw; ang damí ng mga manggagawang walang pina-pasukan ay lalóng dumarami, at ang mga ginoó sa takót ó sa awâ sa mga namamatay ng gútom, ay naghahandâ ng mga murang pagkain at ibâ pang tinatawag na kawang-gawâ.

Kung hindi nais ng bayan na siya'y makitang magpalimós ng isang pingang sopas sa pintúan ng mga ginoó ó ng munisipio, gaya ng nakita na sa pintúan ng mga kombento, ay walang ibang lunas, kundí fisa: kuni't pangasiwâan niya ang mga lupâ't mga mákina, at gumawâ ng nauukol sa kaniyang kapakinabangán.

Hosé.—Nguni't kung ang pámahalaá'y gumawâ ng mga batás na makapipilit sa mga ginoó, upang dí makapagpahirap sa mga taong dukhá?

Horhe.—Yaón at yaón din pò. Ang pámahalaá'y binubuó ng mga ginoó, at dí mapagaalinlanganan, na ang mga ito'y hindi makapaglalatá ng mga batás na malalaban sa kanila. At kung dumating ang kaayaayang araw na ang mga dukhá'y makapamahala, ¿sa anó't gaganapin ang mga bagay sa pakalálakahatí, upang mapabayaán ang isang lakas sa mga ginoó, at nang sa kabilâ nitó, sa untiunti'y mulí tayong maalipin nila? Sapagka't inyo nang natatalos, kailan man, na ang mga dukhá'y maáaring mama-halâ sa isang sandalí, samantalang naghihimagsikan, dátapuwâ't pagkat-apos, ay mga mayayamang ginoó rin ang nakapaghaharì. Kayâ't kung sa

Horhe.—Ilagay natin muna sa isang tabí ang salitaang ukol sa mga abogado, pagka't ang mga ito'y isa rin sa mga nakabubulok na gaya ng mga kura, na lubusang papalisin ng himagsikang panglahat. Pagusapan natin ang mga gáwâing kailangan, at huwág iyang nakapipinsalâ sa kapuwâ, sapagka't kung hindi, ay mapapalagay na parang manggagawâ rin patí ng salaríng nanatay ng tao na malimit malugmok sa malalagim na kamatayan.

Nahihirang natin ngayon ang isang hanap-buhay higit sa iba, hindi dahil sa ito'y akmangakmâ sa ating mga hilig, kundí dahil sa magaaing pagaralan natin yaón, at sa gayó'y kikita, kayâ, maáasahang kumita tayo ng maraming pilak; dahil sa gayó'y madaling kumita ng gawâin ó magagawan, at ang ikalawang matuwid, ay dahil sa ang ibang mga gawâ'y mangyayaring may kabigatán. At, sa wakas, tungkol sa bagay na pinag-usapan, ang pagpili'y nasa sa atin, mulâ pa nang tayo'y sumaliwanag.

Sa halimbawâ, ang hanap-buhay na pagbubukid, ay isang bagay na dí patulan ngayon ng sino mang taga siyudad, at ng lalò mang dukhá roón. At, kung sa bagay, sa pagsasaka'y walang masasabing sukat ikasuklam; ni madahóp ang pamumuhay sa kabukiran sa mga kawiliwiling bagay, ay hindi. Bagkus pa ngâ, kung mababasa ninyó, ang mga makatâ, ay tantóng galak na galak sa pamumuhay-bukid. Ang mga pangyayari'y nagpapatunay na ang makatàng nunulat ng mga aklat, ay dí pa nakakahukay nâ lupâ, at yaóng tunay na nangagbubungkal na halos mamatay sa pagod, ay nadadayukdok ng gútom, sahól na sahól ang búhay higit sa mga hayop, at sila pa ang mga taong, sa palagayan, ay pawang alangán sa kapuwâ nila tao, sa ganito'y patí ng kábulhulihang hampas-lupâ sa siyudad ay ikinahihiyang maturan na siya'y taga bukid. Kung gayo'y ¿páanong mananasâ ninyong pumatunģo sa bukid ang mga tao ng buong pagkukusâ? Tayo mang ito, na tumubò na rito, ay nagpapabayâ rin, sapagka't kung sa ibang gawâin, ay maaluwán tayo at kapita pitagan pa ng kaunti; ¿dátapuwâ't sino sa atin ang lálayo sa kabukiran, kung ang mga paggawâ natin dito'y mauukol din sa sarili, at sa gayo'y ganap na matatamó sa pamumuhay-bukid ang kaghinawahan, kalayâan, at pamimitagan?

Ganyan ang nangyayari sa lahat ng hanap-buhay, sapagka't sa kasalukuya'y ganyan ang ayos ng mundó, na kailan ma't ang isang gawâ'y lalóng kailangan at lalóng mabigat, ay siya pang sahól sa tumbas ng kapagalan, dí pinaháhalagahan at napapalagay pa na parang hayop. Sa halimbawâ, pumatunģo kayó sa isang pagawâan ng mga hiyas, at makikita ninyo na ito'y lubhâng malinis, kung ipaparis sa

napakaraming gáwàan namin; may pangpahanġin sa tagaraw, may pangpainit sa taginaw, hindí lubhâng napakahabà ang mġa oras na iginagawà sa arawaraw, at ang mġa manggagawà rito'y mabubuti ang kalagayan, kahi't mura ang mġa sahod (pagka't binabawas sa kanila nġ pangġnoon ang malaking bahagi nġ pakinabang), kay sa ibang mġa manggagawà; sa gabígabí ó sa mġa araw nġ mġa pistá, pagkatapos na mangaalís ang mġa damit pangpagawàan, malayàng nakaparoroón saan man nilá maibigan, at walàng pangambáng kutyákutyain nġ sino mang tao, dahil sa kanilang pagkamanggagawà. Dátapuwà, pumatungo naman kayó sa isang mínahan, at makikita ninyó ang mġa maralitàng gumagawà sa ilalim nġ lupà, sa ilalim nġ mġa burak na nakaínís ang mġa amóy, nakapagpapaiksí nġ búhay, sa pamamagitan nġ mġa sahod nilang kahalakhalak, at kung matapos ang kanilang paggawà, sakaling maisipan nġ isang minerong tumunġo sa pook na pinagkakalipunan nġ mġa ginoó, ay maituturing ninyong napakamapalad, kapag siya'y umalis sa pook na naturan nġ dahil lamang sa mġa paguyám. ¿Ano nġa ang ating ipagtataka kung mapili nġ isa ang hanap-buhay na hoyero kay sa minero?

¡Ni ukol sa mġa taong walàng kinakasangkapan kundí panitik ay dí ko ibig magsalitá! Isa riyang, marahil, walàng nagagawà kundí mġa katàkata at mġa tulàng lalabindalawahing taludtod ay kumikita nġ makasampú, higit sa isang magbubukíd, at iya'y kinagigiliwan pang makalilibo, higit sa alin mang manggagawàng kapuripuri.

Ang mġa mamamahayag, sa halimbawà, ay nanġagsusulat sa mġa kabahayang magagarà, ang mġa sapatero'y sa mġa sulok na nangagdidiliman; ang mġa inhenyero, médiko, artista, guró, kapag may mġa gáwain at lubhâng kaya ang kanilang mġa tungkulin, ay parang mġa ginoó; ang mġa anluwagi, artesano, at maidaragdag pa natin, pará masabi ang buónġ katoohan, patí nġ mġa médikong walàng ganap na kapahintulutan, at mġa gurong nagtuturó sa mġa mabababà, sa mġa batà, ay pawàng nagdadahop kahi't mamatay sa pagsusumikap. Hindí ko ibig ibadiya rito na ang guro kanilang maganluwagi, angabi ang buang tanġing may kasaysayan, ay ang mġa marálitàng manggagawà, sapagka't ang pagaaral ay bagkus naggagawad sa tao nġ mġa kaparaanáng ikapagwawagi sa katalagahán, sa ikabibihasa at ipagkakabuhay kailan man nġ malayà at ganap na katiwasayan. Ang mġa médiko, inhenyero, kímiko, at mġa guró, ay pawàng kailanġan at pakikinabanġan sa pagsasamahán nġ mġa tao, na gaya rin nġ mġa magbubukíd at ibá pang manggagawà. Tanġing ibig kong sabi-

na yari nila na walà nang makábili. Ang mġa lupàng datihang tinatamnán at dí na patatamnán, ay mulġing magiging gubat. Dahil sa kasaganàan nġ grano at pagbabà nġ mġa halagá, ang mġa may-arí ay hindí muna magpapatanim, at dí maáalaala na kung ang kaniyang mġa magbubukíd ay mawawalán nġ gáwain ó mamamatay nġ gútom.

Kinakailanġan ngàng máuna ang pagbabagong ayos sa katauhan, tamnán ang lahat nġ lupà, ayusin ang bunġa nġ paggawà, at gayón din ang sa mauubos nġ tao, sa ikagagaling nġ lahat; bayàang malayà ang párang sa hakbang nġ mġa bagong tuklas at matutuklasan pa nġ pagkasulong nġ panahon, pangasiwàan ang malalaking bahagi nġ mundó na halos dí napakinabanġan, ó hindí pa ngàng lubos, at kung matapos ito, sakaling sa ilalim nġ matitibay na pamamaraán, ay walàng mangyari at makitang makapal din ang pagdami nġ tao kay sa bunġa nġ paggawà, sa makatuwid, saká na mapagiisipan nġ mġa tao sa panahong ito, kung páano ang mabuting pagtatadhanà sa pagaanák nġ tao. Nġuni't ang pagtatadhanà ito'y marapat ipatupad sa lahat, na walàng matatanġing mapapalad na filan ang bilang, na sa dí pa kasiyaháng lubos na mabúhay sa pawis nġ ibá, ay ninanais pa mandin na sila lamang ang magkaroon nġ walàng taning na karapatán tungkol sa pagaanák. Sa isang dako, samantalang mayroong mġa marálitá, ay siyang tandà na yaó'y hindí matatadhanàan kailan man, kasakdala'y dahil sa walà na silang ibang kaaliwán sa hirap, kundí ang lumasap nġ matatamis na pulot nġ pagiibigan, kasakdala'y dahil sa dí nila maisip ang kakulangán nġ bunġa nġ paggawà, baga ma't nakikita nġ kanilang mġa matá ang tunay na sanhí, tulad nġ nauukol sa halimaw, na inaangkin pa nġ pangġinoón. Hanga't may nasasawí ay lalòng dí mapanatag ang búkas, at lalò pang totoó, yao'y walàng nailalalaán ni mapagtamanán. Kapag ang lahat ay arí na nġ lahat, at ang lahat ay gumagawà nġ pantaypantay, ay saká pa lamang makapagtatadhanà ang mġa tao nġ buónġ loob sa katauhan nġ inaakalàng nararapat, higit sa maiaatas nġ alin mang kapangyarihan nġ tao, sa pamamagitan nġ lakas.

Nġuni't pagbalikan pò natin ang nauukol sa pagbabahaginan nġ bunġa nġ paggawà nġ isang may-arí at nġ isang manggagawà; ¿anóng inyong maibibigay doón sa hindí nangagsisigawà? Ang mġa may-arí, samantalang may-arí, ay hindí mapipilit na kumuha nġ taong hindí nila kailanġan.

Ang panuntunang ito na tinatawag na *participación*, pakikisamá, ay minagaling noóng araw upang masaka ang mġa párang nġ naglalaparang bahagi nġ lupà sa katimugan nġ Europa, at hanga nġayon pa man, sa ilang bahagi nġ Italia, gaya nġ sa Toscana. Nġuni't untúnting lumili-

katamtaman sa sarisarili, at upang huwág makapagbabá nḡ halagá sa kalakal, ay madalas mangyari ang pagpapatapon ó pagpapasirà nila nḡ mḡa bagay na yari na. Sa makatuwid, ay maliwanag ninyong makikita na samantalá nilang sinasangkalan ang kakulangán ó kauntián nḡ bunḡa nḡ paggawâ, ay pipababayâan naman nila ang dami nḡ naglalaparang mḡa lupàng hindi natatamnán at ang dami nḡ mḡa manggagawàng walàng gáwain.

Subali, sa bagay na ito'y kanilang itinutugon, na kasakdala'y matamnán ang lahat ng mḡa lupà at ang lahat ng mḡa tao'y mangagsigawâ, alinsunod sa lalòng pinakamabuting panuntunan ng tao, ang karukhaá'y mananatili ring ka paris ng dati, at sa dahiláng ang mḡa ánihin sa lupà'y natataniḡan at ang mḡa pagaanák ng mḡa tao'y hindi, ay maáaring dapasin natin ang isang kalagayang kalunoslunos, na ang pagaani'y maging maramot at panakanakâ, samantalá ang tao'y paramí ng parami, na siyang sanhí ng kamahalan ng lahat na kailanḡan. Kayâ't naimamatuwid na ang tanḡing lunas sa mḡa masasamang sakít ng katauhan ay nauuwì sa ganito, na ang mḡa dukhá'y huwág magáanák, kayâ'y maukol na lamang ang pagaanák ng tao sa nanḡakakakaya.

Tungkol sa haharapín, ay marami ang masasabi sa bagay na pinaguusapan. May nakikipagtalò riyang, at may pinanghahawakan din namang matitibay na matuwid, na ang pagdami ng tao ay talagang may taning sa kalikasán, kayâ't dí na kailanḡan ang paggamit ng mḡa pang patunaw, na buòng kusà ó dí man. Anakí ang mḡa pagkasanay ng mḡa lahì, ang pagsulong na lalò ng mḡa katalinuhan, ang paglayà ng mḡa babayi at ang pagunlad ng kaginhawahan, ay nakapipigil ó nakababawas sa katutubòng pagaanák ng tao. Nḡuni't ang mḡa bagay na ito'y walàng anó mang kabuluhán sa pinaguusapan tungkol sa karukhaán.

Hindi súliranin nḡayon ang pagdami ng tao, kundí ang pagaayos sa katauhan; kayâ't ang gamot tungkol sa pagaanák ay hindi nakalulunas ng anó man.

Sa katunaya'y nariyan ang mḡa bayang naglalaparan ang mḡa lupà at ang tao'y kakauntí, na masahol pa kapag nagkataón kay sa ibang bayang ang tao'y makapal. Kasakdala'y nakapipigil ang pagmamay-arí ng ílan, ang bunḡa nḡ paggawâ nḡayó'y marami kay sa pagdami ng tao. Ang paguntí nḡ bilang na ibinubunḡa nḡ karukhaán ay dahil sa kasaganàan nḡ nagagawâ, alinsunod sa kayâ nḡ naibibili nḡ maḡa dukhá. Masdán ninyó, sa halimbawâ, ang mḡa manggagawàng naglalakaran na walàng mḡa gáwain, samantalang ang mḡa tingala'y punòngpunò nḡ mḡa bagay

hin, na ang lahat ng hanap-buhay, ay pawàng nanḡararapat magtamó nḡ pataspatas na kahalagahan, na, sa makatuwid, ang mḡa manggagawâ'y dapat ding magtamó ng pantay sa kinikita ng mḡa ginoóng yaón, at hindi gaya ng nangyayari na ang gáwain sa pamamagitan ng isip ay ikinatu-tuwâ at parang naipagmamataás ng tao sa isang manggagawàng-bisig, at ito'y ikinahuhulog tulóy sa kamangmanḡan. Lahat sana'y sa lahat, at dí gaya ng nangyayari sa nḡayon na parang sarilingsarili ng ílan.

Hosé.—¡Abá! Kung gaya ng sinasabi mo, na ang paggawâ sa pamamagitan ng isip lamang ay isa nang katuwaán at kahigtán sa mḡa mangmang, ay maliwanag na maiibigan ng lahat ang pagaaral noón, at akó na ang unauna. Nḡuni't ¿páano naman ang mḡa gáwain-kamay? ¿sino pa ang gagawâ rito?

Horhe.—Ang lahat. Sa panahong pinagaaralan ang mḡa letra at karunungan, ay nararapat din namang ganapin ang isang gáwain-kamay; lahat ay dapat gumawâ sa pamamagitan ng úlo at sa pamamagitan ng mḡa bisig. Ang dalawang bagay na ito sa paggawâ ay malayong makasirà, bagkus makabubuti at makabubuò, sapagka't upang bumuti ang kabuhayan ng isang tao, kinakailanḡang pagalawing lahat ang kaniyang mḡa ugat, úlo at mḡa bisig. Kung sino ang may ganap na pagiisip at nahihilig sa mḡa pagkathâ, ay siyang nagiging magaling na manggagawâ, at kung sino naman ang may malusog na panḡanḡatawán, gaya ng namamalas natin sa mḡa bisig na laging baták, ay siya ring may maliwanag at matalas na pagiisip.

At sapagka't ang naturang dalawang gáwain ay pawàng kailanḡan, at ang isa roó'y kaakitakit higit sa isa, na siyang ikinatutuklas ng tao ng puri at kabaitan, ay hindi katuwiran na ang isang bahagi ng tao'y maparóol sa mabibigat na gáwain-kamay, upang manatili ang ilan sa pagsasamantalá sa karunungan, at, sa wakás, maging tagautos; dahil dito'y inuulit ko, na ang lahat ay nararapat gumanap ng mḡa gáwain-kamay at gáwain-isip.

Hosé.—Ang lahat ng iya'y natatalos ko rin; nḡuni't sa mḡa gáwain-kamay man, ay mayroón ding mabibigat at magagaán, nakahahalina at nakasusuklam; ¿sino, sa halimbawâ, ang magiging minero at tagalimás ng mḡa dúmihan ó púsalián?

Horhe.—Kung natatalos ninyó, minamahal kong mang Hosé, ang dami ng nanḡálikhâ at linilikhâ pa, nḡ nanḡapagaralan at pinagaaralan pa, disi'y matatantò rin ninyong labis na kapag ang paggawâ'y alangalang sa layong ikaáayos nitó, dí na mauukol sa ílang hindi mḡa anak pawis, na dí gumagawâ, na walâ nang pinagsisikapan, sa makatuwid,

kundí ang sarili nilang pakikinabangán, at walá nang kabalibalino sa ikatutubos nḡ mḡa manggagawà; matatantô ninyó, inuulit ko, na ang lahat nḡ mḡa hanap-buhay-bisig, ay magagampanan, at dito'y walá nang magiging mabigat, marumí ó kadiridiri, at madalí tulóy makatatagpó nḡ mḡa manggagawàng kailanḡan. At ito'y sa ating mḡa araw. Tantúin ninyó ang mangyayari, kapag ang lahat ay gumawà: lahat nḡ pagsisikap, pagiinḡat, at pagaaral sa lahat, ay tunḡo sa adhikáng ang paggawà'y lalóng maging kaakitakit at dí lubháng kabigatan.

At sakaling magkaroon man nḡ mḡa gáwàing mabibigat kay sa ibá, mandí'y madalíng maikikita nḡ lunas, nḡ mḡa katanḡitanḡing ganting-palá yaón, at kahi't huwág nang ibilang pa ang isang bagay na kapag ang lahat nḡ tao'y gumagawà, na ang adhiká'y pará sa lahat, ay talagang sisilang dí ang diwàng pagkakapatiran at matimyas na pagsasamahán nḡ mḡa tao, gaya nḡ nangyayari sa mḡa magának; kina kayà nḡ mḡa lalaki ang mḡa pasaning mabibigat sa lugal na ito'y maghinakdal; nakapagaawás sila nḡ mḡa pagod, palibhasà, ang bawà't isa'y kusàng bumabahagi sa mabibigat na gáwàin.

Hosé.—May matuwid ka; subalí, kung ito'y mangyari, ¿sa páano maaayos?

Horhe.—Kung gayón, kung sa lahat nḡ mḡa nabangit ay may mátirá pang mabigat at kailanḡang gáwàin na dí pasukan nḡ sino man, sa makatuwid, ay tayong lahat na ang magsisiganap. Magtatadhanàan tayo, sa halimbawà, nḡ isang araw sa bawà't buwan, ó isang lingo sa bawà't taón, na igagawà nḡ isang tao ukol sa mabibigat na gáwàing yaón. Sapagka't isang bagay na kailanḡan pará sa lahat, ay bagay din namang maásahan ninyó ang mḡa lunas na kaparaanán. ¿Dí ba't ngayó'y mḡa kawal tayong sunudsunuran sa atas nḡ ibá upang makipagbaka sa mḡa taong dí natin nakikilala, mḡa taong ni kaputok man ay hindi nakakagawà sa atin nḡ masamá, ni sa tunay man nating mḡa kapatid at mḡa kaibigan? Sa akalà ko'y lalóng magaan sa loob ang paggawà, kapag natatalos natin na ang sanhi'y sa panḡanḡailanḡan nḡ lahat.

Hosé.—Nálaman mo, akó'y iyo nang nahihikayat. Nḡuni't may kauntí pa rin akóng hindi masakyan, at ito'y ang nauukol sa pagaalís nḡ mḡa kayamanan ó pagaari sa mḡa ginoó... ito... ¿páano, sa palagay mo? ¿hindi kayà maiigtarán yaón?

Horhe.—¿Páano, pò, ang ibig ninyong mangyari? Samantalang hawak nila ang kayamanan, ay sila ang makapaghahari, at sila'y manḡagiimbot din nḡ waláng kapakupakundanḡan sa atin, gaya nḡ kanilang ginawà sapól

At saká, ¿anóng matuwid nḡ filang mḡa tao, na kahi't hindi gumawà, ay babahagi nḡ kalahati sa magagawà nḡ mḡa manggagawà? Gaya nḡ nasabi ko na sa inyo, na hindi lamang maibibigay natin sa mḡa panḡinoón ang kalahati nḡ bunḡa nḡ ating mḡa nagagawà, kundí ang lahat na'y magkukulang pa sa dapat mangyari; sapagka't samantalang umiiral ang pagmamay-arí nḡ tao ay pigíl na pigíl ang bunḡa nḡ paggawà at labás sa kagalingan nḡ bawà't tao, dahil sa pagpapanḡagawán at kakulanḡan nḡ ayos; kayà nḡá't kakauntí ang naibubunḡa nḡ paggawà kay sa mangyayari, na kung ang paggawà'y maganap nḡ lahat at sa pamamatnubay nḡ kagalingan nḡ lahat na gumagawà at nanḡanḡailanḡan. Gaya rin nḡ pagbuhay nḡ isang mabigat: isang daán mang katao at dí magkakatuwang na mabuti ay hindi makabubuhay; subalí, kahi't tatatlo ó áapat lamang, at magkakasabáysabáy ang mḡa kilos, ang kanilang mḡa lakas, ay madalíng mabubuhay yaón at maitataás. Kung ang isang tao'y magnanasang gumawà nḡ isang karayom, kahi't isang oras ay maáring dí siya makayari; dátapuwà't kapag sampú kataong tulongtulung, ay libolibo na ang mayayari sa arawaraw. At ganó kayà ang mapapalá sa bawà't málikháng mḡa bagong mákina, sa bawà't panḡanḡailanḡang ang gáwà'y maganap nḡ lahat, kapag ang mḡa bagong pagsulong nḡ katauha'y gaya nḡ minimithí nating mápatunḡo sa kapakinabangán nḡ lahat!

Sa bagay na ito'y nais kong magpaliwanag ukol sa isang matuwid na laging isinasabad sa amin.

Ang mḡa ekonomista (mga taong bayád ó hindi man, na naguugnayug nay, sa nḡalan nḡ dunong, nḡ mḡa kabulánan at katakatà, upang maipakilala na ang mḡa ginoó'y may karapatáng mabúhay sa pawis nḡ ibá) at ang ibá pang mḡa pantas, ay nagpaparirala na ang karukhaá'y hindi tunay na gawà nḡ pagkamaimbutin nḡ mḡa may-arí, kundí dahil sa hindi nakasapat sa lahat ang ibinubunḡa nḡ paggawà. Sinasabi ito, upang paniwalàan na waláng may salang sino man niyang karukhaán, at sa gayó'y waláng sanhi ni katuwiran upang ipagbalikuwas ang mḡa anak-pawis.

Sukat na sa *talaga nḡ Diyos* nḡ mḡa kura, kayó'y napapapanatili nilang lagi sa pagkamasunurin at yukó; ang mḡa ekonomista nama'y, sa batas nḡ kalikasán. Huwag kayóng maniwalà. Kung sa bagay, tunay nḡá, na ang mḡa bunḡa nḡ paggawà ngayon na tinatamasa nḡ filan, ay hindi sapat upang mabigyan nḡ mabuti at masaganang búhay ang lahat; dátapuwà, ito'y kamalián nḡ umiiral ngayong panuntunan sa pagsasamahán nḡ mḡa tao, sapagka't ang mḡa may-arí ay waláng kaalaalala sa kagalingang panglahat, kayà't ang ipinagagawà nila'y yaón lamang inaakaláng

m̄ga dukhâ, ay lalòng nakasasamâ, sapagka't sa pagkamasid n̄g m̄ga mayari na ang kanilang grano'y nagagahis n̄g sa Amerika, ay hindi muna magpapatanim sa kanilang m̄ga bukirin, at kung palarin ma'y yaon na lamang malusoglusog, at dahil dito, marami sa m̄ga magbubukid ang nan̄gawawalán n̄g gáwain. Ang halagá n̄g grano'y mababà, at siyang to-toó; n̄guni't ang m̄ga dukhâ'y di man makakita n̄g halagáng yaon na sukat ipang bili.

Hosé.—N̄gayo'y nauunawaan ko na. Nabalitaaan kong áayaw n̄gâ nilang papasukin dito ang m̄ga grano n̄g taga-ibang lupà, at sa gayo'y nasasabi kong isang malaking kabalasikan ang di pagtanggap sa awà n̄g Diyos. Akalà ko'y ninanais n̄g m̄ga ginoó na mamatay n̄g gutom ang bayan; n̄guni't n̄gayon ko natalos na sila'y nangasa matuwid.

Horhe.—Hindi, pò, hindi, pò, sa gayón; sapagka't kung ang grano n̄g Amerika'y hindi nakarating, ay lalò pò namang masamâ, sa isang dakò. Kapag ang m̄ga may-ari'y walà nang kapan̄gagaw na taga-ibang lupà, sila'y makapagbibili sa anó mang taás na halagá n̄g kanilang kalakal, at...

Hosé.—¿At anó?

Horhe.—¿At anó pò? Tila naipahayag ko na sa inyo; kailan̄gang mapasakamay n̄g lahat ang m̄ga bagay na dapat pakinabangan ng lahat. Sa makatuwid, samantalang maraming nagagawâ ó naáani, ay lalò tayong maginhawa. Kung may málikhàng isang bagong mákina, tayo'y makagagawâ n̄g marami, ó kauntí, alinsunod sa pangangailan̄gan, at kung sa gayóng bayan, halimbawâ, ay masaganà ang grano, at sa atin ay makapagpadalá, tayo nama'y makapagpadalá rin sa kanila n̄g sa ati'y lumalabis, at ito ang kagalingan n̄g lahat.

Hosé.—Isang bagay muna... ¿At kung tayo'y makibahagi sa m̄ga mayari? Sila'y ang kanilang m̄ga lupà at puhunan, tayo'y ang paggawâ, at pagkatapos ay ating pagbahaginin ang maáani; ¿anó kayâ sa palagay mo?

Horhe.—Ang unang masasabi ko sa inyo ay ito: na kung may han̄gad kayó sa pakikibahagi, ay hindi naman papayag ang m̄ga panginoón. Walang salang di natin dáraanin sa lakas, at gayón na lamang ang ating mapupuhunan upang sila'y mapilit na mamahagi, na sa kanila'y pará ring kinuha ang lahat. Kasakdala'y isang bagay na totoóng kailan̄gan, ¿sa anó't dáraanin pa ang m̄ga bagay na ito sa pakalálakalati, upang mapabayang manatili ang isang panuntunang pagtutulot makapaghari ang kalinsilán at panglulupig na ninigil n̄g pagdami n̄g bilang n̄g m̄ga nagagawâ at naáani n̄g lahat?

nang ang mundó'y maging mundó. ¿Kay diabló naman! ¿bakit hindi ninyo masasakyan iyang pagaalís n̄g m̄ga pagaari sa m̄ga ginoó? ¿Inaakalà ba ninyo na isang bagay na hindi tumpak, at yao'y isang mahalay na gáwain?

Hosé.—Hindi; ang totoó'y pagkapaliwanag mo sa akin, ay bagkus akóng nananalig na yao'y isang dakilang bagay, sapagka't kung áalisin man sa kanila ang m̄ga pagaari, ay walang ibang kahulugán ang ating gagawin, kundí bawiin lamang ang m̄ga dugò na sinipsip nila sa atin nang mahabang panahon. At sakâ, kung áalisin man sa kanila, ay hindi upang sarilinin natin, kundí upang arin n̄g lahat, at nang ang lahat ay mabúhay n̄g maginhawa; ¿hindi ba gayón?

Horhe.—Hindi, pò, mapagaalinlan̄gan; at kung ipinalalagay ninyong dakilà ang naturang bagay, ay masasabi ninyo n̄g táhasan na patí n̄g m̄ga ginoó ay nagtatamó rin n̄g palà sa gayón. Talagang dapat nang matapos ang kanilang m̄ga paguutós, pagbubulakbol at paghaharharian. Dapat silang gumawâ; at kapag ang paggawâ'y sa tulong n̄g m̄ga mákina at alangalang sa ikagagaling n̄g m̄ga manggagawâ, ang paggawâ'y makikilala na isang kailan̄gan n̄g tao, isang kaaliwaliw na pagbabanat n̄g m̄ga ugat at butó. ¿Di ba't nangamamaril ang m̄ga ginoó, upang makapagbanat lamang n̄g m̄ga ugat?; ¿di бага ginagawâ nila ang m̄ga pátakbuhan n̄g m̄ga kabayo, ang himnasia at ibá pang libolibong bagay na pawang naglalarawan na ang m̄ga gáwain-bisig ay tunay na kailan̄gan at isang bagay na kaakitakit sa lahat n̄g taong walang dinaramdam at malalakas? Ang layon n̄gâ'y maiukol natin sa kapakinabangan n̄g paggawâ yaóng nagagamit lamang n̄gayon sa tagnás na pagaaliw. At ¿gaanóng pakinabang ang matatamó n̄g m̄ga ginoó sa kagalingan n̄g lahat at sa matuling pagsulong n̄g kabihasnán! Magmasid kayó, sa halimbawâ, sa ating bayan: ang filan niyang ginoó'y pawang mayayaman, nabubuhay na parang m̄ga hari; samantalá ang m̄ga lansan̄ga'y marurumi at masasamâ, maging pará sa atin at maging pará sa kanila man; ang han̄ging nagbubuhay sa ating m̄ga bahay at sa m̄ga kalapit na putikan ay nakapagpakasakit din sa kanila; ang salot na ibinubun̄ga n̄g karukhaán n̄g m̄ga taong nasa malayò at napakalayò, na umaábot dito, ay nakakahawa rin sa kanilang madalas; sa kanila'y nakaaayóp din ang ating kamangmangan. ¿Maári kayang malinis nila ang bayan, magawâ ang m̄ga lansan̄gan at mailawan ang m̄ga daán n̄g dahil na dahil lamang sa lakas n̄g kanilang pananalapi? ¿sa páano maiigtaran ang marayang paglalahoklahok sa m̄ga bagay na gamitin n̄g lahat? ¿sa páano nagagamit n̄g lahat ang ibinubun̄ga n̄g m̄ga pagkasulong n̄g karunun̄gan at n̄g pagawaan? M̄ga bagay na kapag idinañ sa

pagtutuwanġan nġ lahat ay madalġng magagawâ, At ang mġa pagiimbót sa sarili ĳsa páano masisiyahan, kung ang pagsasamahán nġ mġa tao'y hawak lamang nġ ílan?

Ang lahat nġ iyan, huwág nang ibilang pa ang lagġng panġanġanib sa isang punlò nġ baril na makasusugat ó makamamatay sa kanila, sa isang kikap matá, at ang panġanġambá sa isang himagsikan ó sa isang kasawiáng palad na nakapagbubulid sa karukhaán at lagġng pagkabingit nġ kanilang mġa ának sa gútom, sa pagkakasala, sa kahalayan, gaya nġ pagkabingit nġ mġa atin sa nġayon; ang lahat nġ iyan, ay nanġanġahulugán, na hindi lamang inaalis natin at sukat sa kanila ang mġa kayamanan na sinusuklián nġ karapatan, kundí lumalabas na sila'y ginagawán din naman nġ malaking kagalinsan.

Tunay, nġa, na ang mġa ginoó'y aayaw, ni papayag na makipagunawán sa atin, sapagka't ang kanilang nais ay lagġng magutós, at ang palagay nila sa mġa dukhá ay ibá ang uri; nġuni't ĳpáano, sa akalá ninyó ang lalòng mabuti nating gawín? Kung sila'y hindi natin mákausap nġ sa mábutihan, ay waláng salang sa masamá na magdaraan.

Hosé.—Totoo, nġa, ang lahat nġ iyan, dátapuwa't napakahirap gampanán. ĳHindi kayâ natin mapagisipan nġ paraáng sa dahandahan? Bayán natin sa mġa naghahawak ang mġa pagaari, nġuni't sa paraáng tayo'y daragdagan nġ mġa sahod, at tayo'y áariin nilang mġa tao. Ganyan, sa untiuntí, tayo'y makapagiimpok, sakâ makabibili nġ tigasang lagvy na lupâ, at kung tayong lahat ay pawáng may-ari na, sakâ natin ilagay sa kagalingán nġ lahat ang ating mġa arí, at gawín nata ang iyong sinasabi.

Horhe.—Magdilidili pò kayó; upang magampanán ang mġa bagay, sa kasundúan nġ lahat, ay ísa lamang ang paraán: na ang mġa ginoóng may-ari sana'y tumangí na sa kanilang mġa yaman; sapagka't isang katotohanan, na kapag ipinagkakaloob na nġ isa ang isang bagay, ay walâ nang kailanġang ito'y alisin pa sa kaniya. Dátapuwa't ito'y huwág isipin; kayó'y nakatatahòng mabuti nġ higit kay sa akin.

Samantaláng nananatili ang pagmamay-ari nġ tao, ó kayâ, samantaláng naghahari ang mġa kapalakaran nġayon, ay lalò tayong pasamá. Dahil sa pagmamay-ari nġ tao, bawâ't isa'y kumikita nġ paraáng ipagkakatatubig nġ kaniyang páatubigan, at ang mġa may arí'y hindi lamang sa nagiimbót sa mġa manggagawâ nġ kung anóanó, kundí tayo'y pinapagbabaka pa nġa. Karaniwan sa manġanġalalakal ang humanap nġ mapagbibihán nġ kaniyang kalalakal, sa mataás na halaga, hanga't maári, at ang bawâ't

mámimili nama'y bumilí, sa mababang halagá. ĳAnong nangyari? Ang mġa may-ari, mġa maypagawán, mġa manġanġalalakal na lalòng mayayaman, sapagka't sila'y mayroong mġa salapí upang ipagtatag nġ sariling pagawán nġ gayó't ganito, ó ibilí kayâ nġ sa pakyawan, upang magkaroon nġ sariling mġa mákina, upang masamantalá ang mġa takbó nġ halagahan sa baraka, at upang maantay ang panahong lalòng mabuti sa pagbibilí, ó hangang sa maipagbili yaón pagkaraan nġ ilang araw, ay natatapos ito sa mġa pagtutuós at mġa pagkahapay nġ mġa maliliít na may-ari, at mahihinang manġanġalalakal, na ang mġa ito'y sa kamay at kamay, ay nanġauuwí sa karukhaán, at sila ó ang mġa anak nila'y waláng ibang kapatunġuhan, kundí ang mag paupá. Ganyan (at iya'y nakikita halos sa arawaraw), ang mġa mahihinang may-ari na magisang gumagawâ, ó may ilang kamanġgagawâ, sa maliliít nilang pagawán, pagkaraan nġ isang mahigpit na pakikitunggalí, ay magpipinid na nġ kanilang pagawán, at tutungong magpapaupá sa malalaking pagawán; ang mġa maliliit na may-ari, na halos hindi makapagbayad nġ mġa buwis, ay magbibili nġ kanilang mġa bahay ó lupâ sa mġa malalaking may arí, at gayón na nġ gayón; sa makatuwid, kung ang isang may-ari na may magandang pusò ay may nasang magpariwasá sa kaniyang mġa manggagawâ, ay waláng magagawâ maliban sa makibaka nġ waláng tagal sa kaniyang mġa kalabang malalaking may arí, at mamaya'y ang pagkahapay na niya.

Sa kabilang dakó, ang mġa manggagawâ, dahil sa kagutuman, ay nanġagpapaligsahan sa paghahanap-búhay, at sapagka't napakarami ang mġa bisig kay sa mġa gagawín (hindi dahil sa waláng magagawâ, kundí dahil sa ang mġa may págawán ay nanġagiimpid sa pagpapagawâ), ay sápitang sila'y manġagaagawán nġ tinapay sa kanikanilang bibig, at kung kayó'y gumagawâ upang makakita nġ dalawa, ay nariyan naman ang ibá, makakita lamang ay kahí't na isa.

Sa ganito'y lahat nġ pagkasulong ay nagiging kasawián. Sa halimbawâ, may nalikhâ nġayong isang bagong mákina, mamaya'y mawawalán na nġ gáwain ang maraming manggagawâ. Sapagka't sila'y waláng kinikita, ay walâ ring ipamimili sa pamumuhay, at sa gayo'y nakasasamá rin sa mġa manggagawâ sa ibang pagawán, na búkas ó makalawa'y manġababawas din. Sa Amerika'y marami ang natatamnáng lupâ, at marami ang naáan-ing grano. Ang mġa may-ari, na waláng kabahabahalâ sa nauubos ó panġanġailanġan nġ mga tao rito, at sa imbot na makinabang nġ malaki sa pagbibili, ay ipinadadala ang grano sa Europa. Ang halagá nġ grano rito'y pilit bábabâ; nġuni't sa lugal na makabuti ang bagay na ito sa